# PAHAYAG ng KANYANG PAGDATING

BANAL NA KASULATAN

BILANG #85 Sinisikap kong maisakatuparan ang layunin ni Kristo Jesus nang tawagin niya ako. Fil. 3:12


# Handa ka na ba sa Pagdating ng Panginoon?

*ni W. C. Moore*

Sinabi ni Jesus, "*Kaya maging handa kayong lagi, sapagkat darating ang Anak ng Tao sa oras na di ninyo inaasahan.*" (Mateo 24:44)

**Handa na ba Ako?**

Ang pagiging handa ay nangangahulugan ng patuloy na pamumuhay ng may kahandaan para sa pagdating ng Panginoon. Sinasabi ng ilan, "Hindi pa ako handa, pero maghahanda rin ako bago maging huli ang lahat." Kristiyano, ang pagiging handa ang pinakaligtas na kalagayan! Sa ano mang paraan! Hindi nagsalita ng walang saysay si Jesus. Siya ang ulo ng Iglesya (Efeso 5:23). Siya ang ating Panginoon at Diyos. Alam Niya ang Kanyang sinasabi. Kung may mga bagay, maliit man o malaki, na magiging hadlang sa pagitan ng iyong kaluluwa at ng Diyos, o sa pagitan mo at sa sino mang tao dito sa lupa, ito ay dapat mong bigyan agad ng pansin. Kung may bagay na hindi mo napagtatagumpayan, ipanalangin ito hanggang sa matiyak mong handa ka na sa Kanyang pagdating.

***Walang Hatol***

Kapag may bagay na umuusig sa puso mo, sa ano mang paraan (1 Juan 3:19-24), huwag kang tumigil, huwag maagaw ang pansin, huwag kang magpatumpik-tumpik, kundi iukol ang sarili sa panalangin at pag-ayuno hanggang sa matiyak mong ikaw ay handa na sa Kanyang pagdating. Pagkatapos ay manatiling handa. Ang pag-utos sa atin ng Panginoon na "maging" handa ay nagpapakita ng kahalagahan nito hindi lang upang tayo nga ay maging handa kundi upang patuloy tayo na mamuhay ng matagumpay na buhay at handa sa Kanyang pagdating, lumalago sa biyaya, at sa ano mang paraan, ay patuloy na mamuhay sa harap ng Diyos kung saan hindi tayo hinahatulan ng ating puso (tingnan ang Galacia 5:16; 1 Juan 3:2-3; Roma 8:1). Katunayan tayo ay kinakailangang maging handa habang nagpapatuloy na maging handa, lumalakad sa lahat ng liwanag na ibinibigay sa atin ng Diyos, kasabay ng pagsusumikap at paghangad sa pagsunod sa iba pa Niyang mga tagubilin. *Nagpapatuloy nga ako tungo sa hangganan upang kamtan ang gantimpala ng pagkatawag sa akin ng Diyos sa pamamagitan ni Kristo Jesus, ang buhay na hahantong sa langit.* (Filipos 3:14). Kinailangan ni Pablo na magpatuloy; higit pa dapat tayong magnasang magpatuloy. Gusto ng Diyos na matapat nating harapin ang mga totoong kalagayan ng ating puso at buhay at maging mapagpakumbaba sa Kanyang harapan.

Nakatanggap si Charles G. Finney ng matinding bautismo ng Espiritu Santo at mula noon ay nasumpungan niyang ang kanyang mga salita ay nagdadala ng matinding kumbiksyon ng kasalanan sa mga taong kanyang kinakausap. May mga oras din naman na nararanasan niyang ang kapangyarihang ito ay nagkukulang. Sinasabi niyang hindi siya mapapalagay hanggat ang kanyang kaluluwa ay maayos sa harapan ng Diyos, at muli ang kapangyarihan ng Diyos ay gumadaloy sa buhay niya.

Kung hindi pa tayo personal na nakapanalangin patungo sa isang totoo at nananatiling tagumpay kay Kristo, ano ang mukha nating ipangaral ang kabanalan sa iba? Kung ako ay isang magnanakaw, paano ko maituturo sa iba ang katapatan? Kung namumuhay ako ng maruming buhay, paano ko ipapamanhik sa iba na maging banal at walang bahid? Kung ako ay walang kontrol sa aking dila, paano ko ipangangaral ang pagpipigil ng dila sa iba? Si Jesus kailanman ay hindi nagbibiro. Ang sabi Niya, "Mapagkunwari! Alisin mo muna ang trosong nasa iyong mata at sa gayon, makakakita kang mabuti at maaalis mo ang puwing ng iyong kapatid." (Mateo 7:5).

**Paano Maging Handa**

Ang daan upang masumpungan ang Diyos, bilang katugunan sa panalangin, bilang tugon sa bawat pangangailangan ng espiritu, katawan at kaluluwa, ay ang hanapin Siya ng buong puso. Maaaring iniisip natin na nahanap na natin Siya ng buong puso ngunit hindi Siya nasumpungan--huwag nating dayain ang ating sarili. Ang Kasulatan ay totoo. Hindi ito maaaring sirain o baliin. "*Ako'y hahanapin ninyo't masusumpungan kung buong puso ninyo akong hahanapin.*" (Jeremias 29:13). Iwasan ang panlalamig! Ang Diyos ay nagbibigay ng tagumpay! (1 Corinto 15:57). Maging isang mapagtagumpay--at saka ipangaral sa iba ang mapanagumpay na mensahe sa kapangyarihan ng Espiritu Santo.

Hipan ang trumpeta sa Sion. Gisingin ang mga natutulog sa bawat lugar. Sabihan silang magsipaghanda, *"sapagkat nalalapit na ang pagdating ng Panginoon."* (Santiago 5:7-9). Magkakaroon Siya ng isang bayang handa dahil sinabi sa atin na ang Lalaking ikakasal ay dumating. *"ang limang nakahanda ay kasama niyang pumasok sa kasalan, at ipininid ang pinto."* (Mat. 25:10). Makakasama ka ba sa pangkat na ito? Nangangailangan ito ng pagiging handa (Lucas 21:34-35); nangangailangan ito ng pagtalikod sa ating sarili, nangangailangan ito ng pagbabantay at laging pananalangin (Lucas 21:36) upang tayo ay mabibilang na karapat-dapat na makatakas sa lahat ng mga magaganap at upang makatindig tayo sa harapan ng Anak ng tao.

**Gamitin...o Walain**

Kapag nakaramdam ka ng pagkagutom sa Diyos, hanapin Siya upang hindi mo mawala ang malambing na pagtawag ng Espiritu Santo. Kung hindi matindi ang paghahangad mo na mamuhay ng isang mapagtagumpay na buhay at naghahangad na luwalhatiin ang Diyos sa lahat ng kaparaanan, dapat kang mabahala ng husto. *"Kahabag-habag kayong namumuhay na maginhawa sa Sion"* (Amos 6:1). Ang isang nanlalamig at kuntento lamang sa sarili ay isusuka (Pahayag 3:16-17). Pasiglahin ang iyong sarili (Isaias 64:7) gaya ng ginawa ni Jacob (Genesis 32:24-28), gaya ng ginawa ni Daniel (Daniel 9:3-4). Maging desperado ngunit buo ang loob, upang ano man ang maging kabayaran sa ano mang paraan, mananalangin ka gaya ni Jesus sa Gethsemane (Lucas 22:39-46). Kung babalewalain mo ang Diyos at hindi Siya hahanapin ng mataimtim, lalo na kung tatanggihan ang panawagan Niya at ang panunuyo ng Espiritu Santo na manalangin at patuloy na manalangin, mag-ingat ka baka mawala mo ang malambing na pagkagutom ng iyong kaluluwa para sa Diyos. Dahil ang taong hindi ginagamit para sa Diyos ang anumang bagay na nasasakanya na, at hindi sumusunod sa mga panawagan ng Espiritu Santo sa kanyang puso ay, *"...kahit ang kakaunting nasa kanya ay kukunin pa."* (Mat. 25:29). Ngunit salamat sa Diyos at gagawin natin ang sinasabi ng unang bahagi ng talata, *"sapagkat ang mayroon ay bibigyan pa, at mananagana* (ginagamit para sa Diyos ang anumang bagay na tinanggap na niya, tumutugon sa mga pagkilos ng Espiritu Santo na kumikilos na sa kanyang puso). Sa anumang paraan, mabuhay ka sa patuloy na katagumpayan.

**Maghintay sa Panginoon**

Sa halip na isang nakapapagod at pansariling mga gawain ng isang Marta (Lucas 10:38-42), mas nais ng Diyos na maghintay tayo sa Kanya upang ang Kanyang kalakasan ay mapasaatin (Isaias 40:29-31; Awit 27:14). Walang napapala ang laman (Juan 6:63). Ang paraan ng ating paggawa, kahit na sinasabing para sa paglilingkod sa Panginoon, ay kadalasang siyang nakasisira. Kung mainitin ang ating ulo, malupit at masungit, nagugulumihanan at matatakutin, nais ng Panginoon na itigil natin ang lahat ng walang silbi nating kaabalahan at maghintay sa Kanya hanggang ang Kanyang katamisan at Kanyang kapangyarihan at Kanyang karunungan ay mangingibabaw sa ating mga buhay.

**Lahat ng Bagay...sa Pag-ibig**

"Ang lahat ng ginagawa ninyo'y gawin ninyong may pag-ibig." (1 Cor. 16:14). Kapag napagtanto natin na ginagawa natin ang mga bagay ng walang pag-ibig, magsisi agad tayo at sa tulong ng Diyos ay magsimulang kumilos ng may pag-ibig at magsalita ng may pag-ibig at manalangin ng may pag-ibig at mag-iisip na may pag-ibig at gumawa na may pag-ibig. Sa ating kaabalahan pati sa gawain ng Panginoon, madaling mawala ang pag-ibig sa ating mga buhay kung hindi tayo mag-iingat, mananalangin palagi, susunod sa Panginoon, at maging napakababa sa Kanyang harapan. Kailangan nating bantayan ang ating sariling espiritu at tingnan kung anong klaseng espiritu ang ipinakikita natin; mag-ingat sa mga taktika ng diyablo; bantayan ang pag-aalsa ng lumang pagkatao; ingatan na ang mga bunga ng ating mga salita, gawa at ugali ay nakaluluwalhati sa Diyos sa pinakamataas na diwa. Tulungan nawa tayo ng Diyos na lumakad ng may pagpapakumbaba sa Kanyang harapan, pagsisihan at talikuran ang lahat ng ating mga kasalanan.

Ang kapitulo labintatlo ng 1 Corinto ay nagbibigay sa atin ng pagpapakahulugan at pagpapahalaga ng tunay, makatotohanan, at makalangit na pag-ibig. Kalimitan ang ating mga pagsisikap at pinakamalaking pagsasakripisyo, maging sa gawain ng ebanghelyo, ay pawang mga kahoy, dayami at pinaggapasan dahil ang unang pag-ibig ay wala doon, at ang pamamaraan ng ating paggawa ng mga bagay, ang paraan ng ating pagsasalita, ang matalim nating pagpupukol ng tingin, ang matigas na ekspresyon ng ating mukha, ay pawang nagpapakita na hindi Espiritu Santo ang nag-uudyok sa atin kundi ang sarili nating espiritu o iba pang uri ng espiritu. Nawa ay tulungan tayo ng Diyos!

**Alalahanin at Magsisi**

Kapag nawala sa ating puso at buhay ang pag-ibig, ang tunay na makadiyos na pag-ibig, ang pinakapundasyon ay nawawala na rin kung pag-uusapan ang katanggap-tanggap na paglilingkod sa ating banal na Panginoon. *"Alalahanin mo ang dati mong kalagayan, pagsisihan mo at talikdan ang iyong masasamang gawa..."* (Pahayag 2:5). Nawa ay tulungan tayo ng Diyos. Magkaroon tayo ng pagkakataong alalahanin at magsisi. Alalahanin na noong dati ay tumatangis tayo para sa mga makasalanan; alalahanin kung paanong dati ay mayroon tayong tunay na espiritu ng pananalangin, alalahanin nang tayo ay nalulungkot sa mga pagkabigo ng ibang mga Kristiyano at ipinapanalangin sila. Ngayon, kaawaan nawa tayo ng Diyos, kalimitan sa halip na manalangin dahil sa pagkadapa ng isang kapatid sa Panginoon, sa halip ay pinupulaan natin at hinahatulan sila at ipinagkakalat ang kuwento nila at nag-iisip ng masama sa kanila. Nawa ay alalahanin natin at magsisi tayo ng may makadiyos na pagkalumbay na siyang magpapanumbalik ng pabor ng Diyos sa ating mga buhay. (2 Cor. 7:9-11).

*"Kung tayo'y nag-iibigan, nasa atin siya at nagiging ganap sa atin ang kanyang pag-ibig. (1 Juan 4:12).*

*"Ang Diyos ay pag-ibig. Ang nagpapatuloy na umiibig ay nananatili sa Diyos, at nananatili naman sa kanya ang Diyos."* (1 Juan 4:16).

*Mga minamahal, mag-ibigan tayo sapagkat mula sa Diyos ang pag-ibig."* (1 Juan 4:7).

***Magpatawaran sa Isa't Isa***

Nakapagtataka man ngunit kahit na ang mismong bayan ng Diyos ay dumarating sa pagkakataon na kakailanganing magpatawaran sa isa't isa dahil sa mga bagay na sinabi at ginawa nila. Muli ang katotohanan ay dapat na magpatawad--hindi lang palampasin ang mga ito. *"Sa halip, maging mabait kayo at maawain sa isa't isa, at magpatawaran, tulad ng pagpapatawad sa inyo ng Diyos sa pamamagitan ni Kristo."* (Efeso 4:32). *"Magpatawad kayo sa inyong kapwa, at patatawarin kayo ng Diyos,"* ang sabi ni Jesus (Lucas 6:37) at diretso Niyang sinabi ito. Bagamat sa pamamagitan ni Apostol Pablo ay maraming detalye ang ibinibigay patungkol sa iglesya, si Kristo mismo ang ulo, at itinalaga ni Pablo ang kanyang sarili bilang isang alipin ni Kristo, isang ministro ni Kristo, isang tagasunod ni Kristo, at sinasabing, *"nasasakop ni Kristo ang iglesya"* (Efe. 5:24). Si Jesus ang Tagapamagitan ng Bagong Tipan (Hebreo 9:15), at sinabihan Niya ang Kanyang mga alagad na *"Humayo kayo at gawin ninyong alagad ko ang lahat ng bansa...at turuang sumunod sa lahat ng ipinag-utos ko sa inyo."* (Mat. 28:19-20).

"Ipangalakal ninyo iyan hanggang sa aking pagbabalik" (Lucas 19:13).

Hindi tayo dapat maghintay sa pagbabalik ng Panginoon nang nakahalukipkip at walang ginagawa. "Magpakaabala" sa paggawa ng kalooban ng Diyos--hanggang sa Siya ay magbalik. *"Huwag kayong mga hangal."* (Efe. 5:17). Maging masigasig at matapat at maapoy sa may kagalakang paglilingkod sa Panginoon hanggang sa Kanyang pagdating. Ang mayamang lalaki sa impiyerno ay sinabihan, *"Alalahanin mong nagpasasa ka sa buhay sa ibabaw ng lupa."* (Lucas 16:25). Hindi tayo pwedeng magpadala na lamang sa rangya at sarap at pagpapakasasa ngayon habang ang gawain ng Diyos at ang pagpapalaganap ng Ebanghelyo ay napapabayaan, at habang ang mga tunay na mga anak ng Diyos ay nagdurusa sa kakulangan ng suporta at lakas ng loob--at pagkatapos ay umasa sa gantimpala mula kay Jesus sa Kanyang pagbabalik. Sa halip, *"Hanapin ang Kanyang kaharian at katuwiran" (Mat. 6:33)*--anuman ang maging kahihinatnan natin. Gawin ang pinakamalalim na nasain at motibo ng ating puso, ang pagsusulong ng mga layunin ni Kristo--ang pinakamataas na layunin ng ating mga

# Ipinangangaral natin si Kristo

*ni Rich Carmicheal*

ambisyon!

*"Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, kaya ibinigay niya ang kanyang bugtong na anak, upang ang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."* (Juan 3:16)

*"Sapagkat ibinigay ko sa inyo itong pinakamahalagang aral na tinaggap ko rin: si Kristo'y namatay dahil sa ating mga kasalanan, bilang katuparan ng nasasaad sa Kasulatan, inilibing siya at muling nabuhay sa ikatlong araw, ayon din sa Kasulatan"* (1 Cor. 15:3-4).

Sa sentro ng plano ng Diyos para sa kaligtasan ng sanlibutan ay ang Kanyang Anak, si Jesu-Kristo. Pumarito siya upang ibigay ang Kanyang buhay upang matanggap natin ang kapatawaran ng mga kasalanan at ang kaloob na buhay na walang hanggan. Siya rin ay pumarito upang maigupo niya ang diyablo na siyang may kapangyarihan sa kamatayan (Heb. 2:14), at upang wasakin ang mga gawa nito (1 Juan 3:8). Dahil ninanais ng diyablo na mandaya at wasakin ang sangkatauhan (Juan 8:44; 1 Pedro 5:8; Pah. 12:9), hindi kataka-taka na ginagawa niya ang lahat upang baluktutin ang katotohanan patungkol kay Kristo upang hadlangan ang sangkatauhan sa pagkilala kay Kristo at makasumpong ng kaligtasan sa kanya. Gaya ng sulat ni Apostol Pablo, *"ang kanilang isip ay binulag ng diyos ng daigdig na ito. Sila'y binulag nito upang hindi nila makita ang liwanag ng Mabuting Balita tungkol sa kaningningan ni Kristo na siyang larawan ng Diyos"* (2 Cor. 4:4).

Pinupukaw din ni Apostol Juan ang ating atensyon patungkol sa pag-atake sa Persona at gawa ni Kristo, at siya ay nagbababala na ang espiritu ng anti-Kristo ay gumagalaw sa sanlibutan (1 Juan 4:3). Inilalarawan niya ang sinungaling, *"ang tumatangging si Jesus ang Kristo"* at ang anti-Kristo, *"ang ayaw kumilala sa Ama at sa Anak."* (1 Juan 2:22). Dagdag pa niya, *"Ang hindi nagpapahayag ng gayon tungkol kay Jesus ay hindi kinaroroonan ng Espiritung mula sa Diyos. Ang espiritu ng anti-Kristo ang nasa kanya"* (1 Juan 4:3). Sa konteksto din ng mandaraya at anti-Kristo ay sinulat ni Apostol Juan, *"sapagkat nagkalat sa sanlibutan ang mga magdaraya--mga taong hindi nagpapahayag na si Jesu-Kristo'y naging tao"* (2 Juan 1:7).

Nagbabala din si Apostol Pablo sa mga tao na binabaluktot ang ebanghelyo ni Kristo (Galacia 1:7), at idineklara niya sa sinumang nangangaral ng ibang ebanghelyo, *"sumpain siya"* (Gal. 1:8-9). Nagpapahayag siya ng pagkabahala na ang ilang mga mananampalataya ay tinatanggap ang mga taong nangangaral ng ibang Jesus, at samakatuwid ay napapasapanganib na malinlang at mailigaw mula sa matapat at wagas na debosyon kay Kristo (2 Cor. 11:3-4). Pinapaalalahanan Niya tayo na ang mga nagsusulong ng naiibang doktrina na hindi ayon sa tagubilin ni Kristo ay nagyayabang ngunit walang nalalaman (1 Tim 6:3-4), at binabalaan niya tayo na maraming nabubuhay bilang mga kaaway ng krus ni Kristo (Filipos 3:18). Dagdag ni apostol Judas na ang mga lalaking walang Diyos na itinatakwil si Jesu-Kristo ay mapapasok pa ang iglesya (Judas 1:4).

Ang malungkot nito, ang mga bantang laban sa katotohanan patungkol sa Persona at gawa ni Kristo ay malakas sa ating kapanahunan. Ang mga pangunahing relihiyon ng daigdig ay maaaring kinikilala nga si Jesus sa ilang bahagi, ngunit itinatanggi nila na Siya ay Diyos sa laman, na Siya ay Anak ng Diyos, at Siya ay namatay sa krus at bumangon mula sa mga patay, na Siya ang tanging Daan tungo sa kaligtasan, at Siya ay muling babalik bilang Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon. Ilang mga kulto ay umaangkin na si Jesu-Kristo ay bahagi ng kanilang katuruan, ngunit ang kanilang Jesus ay hindi katulad ng Jesus na ipinapahayag ng Kasulatan. At ang malungkot pa, kahit sa loob ng iglesya ay dumarami ang mga taong nangangaral ng naiibang Jesus.

Sa liwanag ng lahat ng ito, mahalaga na magpatuloy tayo sa pangangaral ng katotohanan patungkol kay Kristo at lumakad sa katotohanang ito. Gaya ng ipinahayag ni apostol Pablo, *"Iyan ang dahilan kung bakit namin ipinangangaral si Kristo. Pinaaalalahanan namin ang lahat, at buong linaw na tinuturuan ayon sa aming makakaya upang maiharap namin sa Diyos ang bawat isa, sakdal at walang kapintasan dahil sa pakikipag-isa kay Kristo"* (Col. 1:28). Sa ganitong kaisipan, iukol natin ang ating pansin sa pagiging pinakamataas ni Jesu-Kristo, at ayon sa Kasulatan ay ipahayag na...

"...si Jesus ang Kristo, ang Anak ng Buhay na Diyos (Mat. 16:16). Siya ang bugtong na Anak ng Diyos, isinugo ng Diyos sa sanlibutan hindi upang hatulan ang sanlibutan, kundi iligtas ang sanlibutan sa pamamagitan Niya" (Juan 3:16-17). Pinapatotohanan ng Diyos na ang buhay na walang hanggan ay nasa Kanyang Anak (1 Juan 5:10-11). Sinumang kinaroroonan ng Anak ay may buhay, at sinumang hindi kinaroroonan ng Anak ay walang buhay (1 Juan 5:12).

"...ang Anak ang maningning na sinag ng Diyos, sapagkat kung ano ang Diyos ay gayon din ang Anak (Heb. 1:3). *"Si Kristo ang larawan ng Diyos na di-nakikita"* (Colosas 1:15) at *"Ang buong kalikasan ng Diyos ay nakay Kristo nang siya'y maging tao"* (Col. 2:9). Binibigyan tayo ng Diyos ng *"liwanag sa ating mga isip upang makilala ang kadakilaan ng Diyos na nahahayag sa mukha ni Kristo"* (2 Cor. 4:6). Si Kristo at ang Ama ay iisa (Juan 10:30).

"... Sa pamamagitan ni Jesus *"ang lahat ng nasa langit at nasa lupa, nakikita man o hindi, pati ang mga naghahari at namamahala at may kapangyarihang espirituwal, ay pawang nilikha ng Diyos sa pamamagitan niya at para sa kanya"* (Col. 1:16). *"Siya'y una sa lahat, at sa kanya nasasalalay ang kaayusan ng lahat ng bagay"* (Col. 1:17). *"Siya ang nag-iingat sa sansinukob sa pamamagitan ng kanyang makapangyarihang salita"* (Heb 1:3).

Si Jesus ang salita na *"naging tao"* (Juan 1:14). Nakihati Siya sa ating pagiging tao upang sa pamamagitan ng kamatayan ay talunin Niya ang diyablo na may hawak sa kapangyarihan ng kamatayan (Heb. 2:14). Hinubad ni Kristo ang Kanyang pagka-Diyos at naging gaya ng isang alipin, at *"Ipinanganak siyang tulad ng isang karaniwang tao, siya'y nagpakababa at naging masunurin hanggang kamatayan, oo hanggang kamatayan sa krus"* (Filipinos 2:7-8). *"Dahil sa pag-ibig sa atin, inihandog niya ang kanyang buhay bilang mahalimuyak na hain sa Diyos"* (Efeso 5:2). Siya ang Kordero ng Diyos na pinatay at sa pamamagitan ng Kanyang dugo ay tinubos Niya ang mga tao mula sa bawat lipi, wika, bayan at bansa (Pah. 5:9).

Si Jesus ay sinugatan para sa ating mga kasalanan at hinagupit dahil sa ating kasamaan (Isa. 53:5), at *"Sa kanyang pagkamatay sa krus, dinala niya ang bigat ng ating mga kasalanan"* (1 Pedro 2:24). *"Hindi nagkasala si Kristo, ngunit dahil sa atin, siya'y ibinilang na makasalanan"* (2 Cor. 5:21) at *"sa kanya ipinataw ang parusang dapat tayo ang tumanggap"* (Isa. 53:6). Pinasan ni Jesus ang krus, tiniis ang kahihiyan (Heb. 12:2), at *"Namatay siya para sa kasalanan ng lahat"* (1 Pedro 3:18). Iniligtas Niya tayo mula sa ating mga kasalanan (Mat. 1:21) at *"tinubos tayo ni Kristo sa pamamagitan ng kanyang kamatayan at sa gayo'y pinatawad na ang ating mga kasalanan"* (Efe. 1:7). Nililinis tayo ng kanyang dugo sa lahat ng ating mga kasalanan (1 Juan 1:7) at nililinis ang ating konsiyensiya mula sa mga gawaing patay upang makapaglingkod tayo sa buhay na Diyos (Heb. 9:14).

...si Jesus ay *"ang daan, ang katotohanan at ang buhay,"* at walang makakaparoon sa Ama maliban sa pamamagitan Niya (Juan 14:6). Siya ang nag-iisang Tagapamagitan sa Diyos at sa tao (1 Tim. 2:5-6) at *"kay Jesu-Cristo lamang matatagpuan ang kaligtasan, sapagkat sa silong ng langit, ang kanyang pangalan lamang ang ibinigay ng Diyos para sa ikaliligtas ng tao"* (Gawa 4:12). Kung wala si Kristo ang tao ay walang pag-asa at walang Diyos (Efe. 2:12).

Si Jesus ay ipinako sa krus (2 Cor. 13:4). Binuhay Siya ng Diyos mula sa mga patay (Gawa 2:24; 1 Cor. 15:20). Ang Kanyang buhay ay hindi matatapos kailanman (Heb. 7:16) at imposible para sa kamatayan na Siya ay mapigilan (Gawa 2:24). Siya ang Buhay; Siya ay namatay, ngunit ngayon Siya ay nabubuhay magpakailanman, at nasa Kanya ang mga susi ng kamatayan at ng Hades (Pah. 1:17-18). *"Nilupig niya ang kamatayan at inihayag ang buhay na walang hanggang sa pamamagitan ng Mabuting Balita"* (2 Timoteo 1:10-11). Siya ang pagkabuhay na muli at ang buhay; sinumang manampalataya sa Kanya ay mabubuhay kahit na siya ay mamatay (Juan 11:25).

Umakyat Siya sa langit (Gawa 1:9) at naupo sa kanan ng Diyos sa kalangitan, *"Kaya't nasa ilalim ng kapangyarihan ni Kristo ang lahat ng paghahari, kapamahalaan, kapangyarihan, at pamunuan. Higit ang kanyang pangalan kaysa lahat ng pangalan, hindi lamang sa panahong ito kundi pati sa darating"* (Efe. 1:20-21). *"Kaya naman, siya'y itinampok ng Diyos at binigyan ng pangalang higit sa lahat ng pangalan. Anupat ang lahat ng nilalang na nasa langit, nasa lupa, at nasa ilalim ng lupa ay maninikluhod at sasamba sa kanya. At ipapahayag ng lahat na si Jesu-Cristo ang Panginoon, sa ikararangal ng Diyos Ama"* (Filipos 2:9-11).

Si Jesus ang ating inaasahan (Titus 2:13) at magpapakita Siya sa pangalawang pagkakataon upang magdala ng kaligtasan sa mga sabik na naghihintay sa Kanya (Heb. 9:28). *"Kasabay ng malakas na hiyaw, ng tinig ng arkanghel, at ng tunog ng trumpeta ng Diyos, bababa ang Panginoon mula sa langit"* (1 Tes. 4:16). Siya ang ating Tagapagligtas na darating mula sa kalangitan, at sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan ay babaguhin Niya ang ating katawang-lupa (Fil. 3:20-21).

...Siya ay *"darating...nasa mga alapaap, makikita ng lahat, pati ng umulos sa kanyang tagiliran; dahil sa kanya, iiyak ang lahat ng lipi sa lupa"* (Pah. 1:7). *"Kasama namin sa pagbabalik ng Panginoong Jesus mula sa langit, kasama ang makapangyarihan niyang mga anghel. Darating siya sa gitna ng naglalagablab na apoy at parurusahan ang lahat ng hindi kumilala sa Diyos at ang hindi sumunod sa Mabuting Balita tungkol sa ating Panginoong Jesus"* (2 Tesalonica 1:7-8). Tanging Siya lamang ang makapagliligtas sa atin mula sa poot na darating (1 Tesa 1:10).

...Siya ang *"inatasan"* upang mangaral sa mga tao at magpatotoo na siya ang itinalaga ng Diyos na maging Hukom ng mga buhay at mga patay" (Gawa 10:42) at kapag Siya ay dumating, ay ilalantad niya ang mga bagay na ngayo'y natatago sa kadiliman at ipahahayag ang mga lihim na hangarin ng bawat isa" (1 Cor. 4:5). *"Sapagkat bawat isa ay haharap sa hukuman ni Kristo"* (2 Cor. 5:10).

...Si Jesus ang *"Alpha at ang Omega, ang una at ang huli, ang Simula at ang Wakas,"* (Pah. 22:13), ang may Akda ng ating kaligtasan (Heb. 2:10) at ang *"pinagmumulan ng ating pananampalataya, at siya ring magpapasakdal nito."* (Heb. 12:2). Siya ang Pastol ng ating mga kaluluwa (1 Ped. 2:25) na nagmamahal sa atin at namatay para sa atin (Pah. 1:5; Juan 10:15; 1 Juan 3:16). Sa Kanya ang kapurihan at karangalan, kadakilaan at kapangyarihan, *Magpakailanman!"* (Pah. 5:13) Amen

# Ibahagi ang Krus ni Kristo – Ibahagi ang kanyang Buhay

ni F.J. Huegel

Hindi mapag-aaralan ng isang tao ang Bagong Tipan ng hindi nagugulat sa nakasisilaw na kaibahan sa pagitan ng Kristiyanong pamumuhay na atin ng nakasanayan at ng pamumuhay na ayon sa pamantayan ng Panginoon. Gawan natin ng maikling buod ang mga hinihingi ng buhay Kristiyano ayon sa inilalahad ng ating Tagapagligtas at ng mga Apostol.

Kailangan nating mamuhay gaya ng naging buhay ni Jesus (1 Juan 2:6). Kailangan nating mahalin ang ating mga kaaway (Mateo 5:44). Kailangan nating magpatawad gaya ng pagpapatawad ni Jesus—maging Siya na sa gitna ng kahihiyan at hapdi ng krus ay tiningnan ang mga taong namusong sa Kanya habang Siya ay pinapatay nila, ay nagpatawad (Lucas 23:34; Col. 3:13). Dapat tayong maging aktibong mabait sa mga taong galit sa atin; katunayan ay dapat nating ipanalangin ang mga taong kumakalaban sa atin (Mateo 5:44).

Dapat tayong maging mga mapagtagumpay—higit pa sa mga nakapanlaban (Roma 8:37). Dapat tayong magpasalamat sa lahat ng mga bagay, mananampalataya na ang lahat ng mga bagay, maging ang mga bagay na sumisira ng ating malalaking pangarap, ay nagbubuklud-buklod na gumagawa para sa ating ikabubuti (Roma 8:28; Efeso 5:20).

Dapat na hindi tayo mabalisa tungkol sa anumang bagay, sa halip ay hingin sa Diyos ang lahat ng kailangan sa pamamagitan ng panalangin at pagsusumamo ng may pasasalamat upang maipahatid sa Diyos ang ating mga kahilingan, upang ang di-malirip na kapayapaan ng Diyos ang mag-iingat sa ating puso at isipan (Filipo 4:6-7). Kailangan nating palaging magalak sa Panginoon (Filipo 4:4). Kailangan nating isipin ang lahat ng mga bagay na totoo, mga bagay na marangal, mga bagay na matuwid, mga bagay na malinis, mga bagay na kaibig-ibig, mga mabubuting balita; kung ano mang matuwid at kung mayroon mang dapat ipagpasalamat (Filipo 4:8).

Kailangan nating maging banal, sapagkat ang Diyos ay banal (1 Pedro 1:16). Sinabi ng ating Tagapagligtas na kung tayo ay sasampalataya sa Kanya, ang batis ng tubig ng buhay ay aagos mula sa ating kaloob-looban (Juan 7:38). Kailangan nating tumindig na kakaibang-kakaiba sa mga baluktot at masamang sanlibutan na walang dungis at maamo, mga anak ng Diyos, walang maisusumbat, nagniningning tulad ng mga ilaw (Filipo 2:15). Kailangan nating positibong kamuhian ang ating mga sarili, hindi hanapin o ibigin ang ating mga sarili, kundi literal na kamuhian at itakwil ang ating mga sarili, at ito ay dapat na gawin sa araw-araw (Lucas 9:23).

Sinabihan tayo na hindi tayo maaaring maging mga alagad ni Kristo kung hindi natin itatakwil ang ating mga sarili ng lubusan at sa lahat ng mga bagay, sa lahat ng sandali (Lucas 14:26). Sinasabi sa atin ni Pablo na ang ating puso ay dapat nakatuon sa mga bagay na nasa itaas (Colosa 3:1-2).

Tama na. Hindi na tayo dapat pang magpatuloy. Lalo lang tayong mapapahiya at masasaktan. Tayo ay nahatulan. Hindi tayo naging ayon sa ibig ni Kristo para sa atin.

*(sundan sa pahina 3)*

## Ibahagi ang Krus ni Kristo - Ibahagi ang kanyang buhay

*(mula sa pahina 2)*

Kung ito ang sukatan ng buhay Kristiyano, kung ito ang batayan kung paano tayo hahatulan, kung ito ang hinihingi ng Diyos sa atin bilang mga Kristiyano, gaya ni Isaias ay sisigaw tayo, *"Kaawa-awa ako. Mapapahamak ako pagkat ako'y isang makasalanang nakakita kay Yahweh, ang Makapangyarihang Hari"* (Isaias 6:5).

Bakit kaya ang ating Tagapagligtas na napakalambing at napakamaunawain, napakamapagmahal at napakamarunong, ay hihingi ng pamantayan na higit pa sa makakaya ng tao? Bakit parang hindi Siya makatuwiran? Bakit hindi Niya hihingin sa atin ang nararapat lamang at makakayanan naman natin? Sinasabihan Niya tayo na lumipad, ngunit wala naman tayong mga pakpak.

Hindi lamang lampas pa sa maibibigay ng tao ang hinihingi ng Tagapagligtas. Tila ito'y taliwas pa sa kakayahan ng isang tao na siyang inihahayag ng Bagong Tipan na siyang tunay na katangian ng Kristiyano. Bakit humihiling ang Tagapagligtas ng higit pa sa natural, at inilalagay ang pamumuhay Kristiyano batay sa supernatural?

Nagpoprotesta ako; hindi natural na mahalin ang ating mga kaaway; hindi natural na magalak lagi; hindi natural na maging mapagpasalamat para sa mga bagay na masakit; hindi natural na kamuhian ang ating mga sarili; hindi natural na mamuhay gaya ng buhay ni Jesus.

Totoo bang naharap na natin ang ganitong suliranin? Nagkalakas-loob na ba tayong harapin ang mga implikasyon ng Salita ni Kristo? Mayroon ba tayong mapapala kung tatakasan ito, magkukunwaring ang bangin sa pagitan ng imposible sa tao (ang magagawa natin bilang tao) at ang kautusan ni Kristo (ang hinihingi ng Diyos sa Kanyang salita) ay hindi mga malalaking bagay?

Kung walang nakasisiyang sagot ang maibibigay (ang opinyon ko ay mayroon) ang sistemang Kristiyano ay dapat lang pintasan ng kanyang mga kaaway. Kailangan nitong harapin ang malaking akusasyon ng pagmamalabis o pagiging panatiko o anumang maitatawag natin na kailangang ayusin sa pagitan ng batas ni Kristo at ng likas na katangian ng tao.

Hindi ito bagong suliranin. Si Pablo, ang dakilang Apostol sa mga Hentil, ay naging malinaw patungkol sa kanyang kumbiksyon na ang pamantayan ni Kristo ay hindi makakayang abutin ng likas na katangian ng tao—saksi sa katotohanang ito ang Roma 7. Narito ang pag-amin ng apostol ng kanyang kabiguan, ng kanyang pag-iyak dahil sa pagkabigo, ang mapait niyang panghihinayang sa pagkasumpong niya sa mga pamantayang Kristiyano na hindi kayang abutin, ang kanyang pag-iyak sa mga nasumpungan niya na makawasak-pusong mga hirap, ang matapat niyang pag-amin na talagang naniniwala siya na ang mga hinihingi ng batas ni Kristo ay bagay na anumang pagsisikap ang gawin, ano mang pagdurusa ang pagdaanan--ay hindi kailanman makakaya ng likas na katangian ng tao...

Nagpumiglas si Pablo. Naghirap siya. Umiyak siya. Nagsumikap nang husto ang higanteng ito ng moralidad. Ngunit ang lahat ay nauwi sa wala. Ang batas ng kasalanan, inamin niya, gaya ng pagdaluyong ng malakas na batis, ay tinatangay ang lahat nitong dinadaanan.

Mas mabuting harapin natin ang lahat ng nakagugulat na aspeto ng problemang ito. Ginawa iyon ni Pablo. Hindi niya itinago ang kanyang kawalan ng kakayahan o ang hindi maabot na katangian ng batas ni Kristo. Tahasan niyang inamin ang katotohanan na sa kanyang sarili (sa ganang kanyang laman, Roma 7:18) ay wala siyang makitang mabuting bagay. Mabilis niyang kinilala na nalulugod siya sa kautusan ng Diyos, ngunit ang mga iyon ay hindi kayang sundin ng likas na katangian ng tao. Kung magiging tapat lang tayo sa mga bagay na ito, makikita natin ang ating mga sarili na tatangayin patungo sa paggawa ng mga hakbang na siyang magdadala sa atin sa isang maluwalhating bagong araw. Inakay nito si Pablo sa isang napakalaking tuklas. Aakayin din tayo nito.

Hindi ito dahil sa si Pablo nang sinulat niya ang Roma 7 ay tahasang masuwayin, gaya nang mga araw bago ang kaganapan sa Damasco. Tunay na mahal niya si Jesus. Siya ay isang sundalo ng krus. Siya ay matapat na Kristiyano. Ito ay dahil lamang sa nakikita na niya ang kanyang sarili ayon sa isang naiibang liwanag—sa nakabubulag na liwanag ng krus ni Kristo.

Kung dati, bilang isang istriktong alagad ni Moises, nabibigyan siya nito ng dahilan upang mapatawad ang kanyang mga naging gawi, ngayon ito naman ang siyang nagbibigay sa kanya ng pagkalula dahil sa lawak ng inaasahan dito. Ang mga maliliit na bagay, mga saloobin na tila ligtas at hindi nagdadala ng panganib, mga maliliit na kasalanan na sa ilalim ng batas ni Moises ay hindi na papansinin sapagkat hindi naman kagawian, ngayon ay dumudurog sa kanyang puso. Nakasusulasok ang mga ito. Hindi ito kayang dalhin. Para bang nasusunog ang mga ito ng apoy sa impiyerno. Kumikirot ito gaya ng kamandag ng alakdan. Nangangamoy ito gaya ng nabubulok na bangkay sa malapot at maruming tubigan.

### Nais ni Pablo na Maging Kawangis ni Jesus

Hindi na ito isyu ng tamang asal. Hindi na rin isyu kung tama o mali. Kundi, ito ba ay pagiging katulad ni Kristo? Ito ang nag-aapoy na katanungan. Nais ni Pablo na maging malaya. Ang pag-ibig sa sarili, maging sa lihim na pamamaraan, mga tila ligtas na kilos, ay nakasusuka sa kanya. Magiging katulad siya ni Jesus sa lahat ng kagandahan ng kababaang-loob ng Diyos, at ng Kanyang pagkahabag. Iibigin niya ang Diyos ng kanyang buong puso at paglilingkuran niya ang Diyos ng may determinasyon na tulad ng "bugtong na Anak." Sumisigaw si Apostol Pablo para sa lubos na paglaya (Roma 7:24).

Mayroon bang daan palabas? Opo, mayroon. Nasumpungan iyon ni Pablo—masusumpungan din natin itong lahat.

Ngayon, ang aking panukala ay ito—nagpasimula tayo ng mali. Inakala natin ang buhay Kristiyano bilang panggagaya kay Kristo. May magagandang bagay sa sinulat ni Thomas a' Kempis sa *Imitation of Christ*, ngunit ang batayang ideya ay mali sa mga prinsipyong kinatatayuan ng buhay Kristiyano. Ang magpatuloy batay sa imitasyon ay maghuhulog sa atin sa kalagayang walang pag-asa na siyang kinaroroonan ni Pablo nang sinulat niya ang Roma 7.

Malayo tayo sa ninanais ni Kristo na maging tayo. Ang Sermon sa Bundok ay walang anumang ekspresyon patungkol sa ating mga atityud. Talamak pa rin ang kasalanan bilang isang prinsipyo sa ating mga buhay. Hindi tayo malaya sa inggit, kayabangan, pag-ibig sa sarili at kalayawan. Ang bundok ng pagiging makasarili ay dumadaig pa rin sa atin at sa kabila ng lahat ng pagsisikap natin ay hindi pa rin natitinag. Napakakaunti ng kagalakan, kakaunti ang kalayaan ng espiritu, walang tunay na paglaya na taglay ng mga naunang Kristiyano. Tumataghoy tayo, nasasaktan at naghihirap—ngunit sinusundan pa rin tayo ng kabiguan. Ano ang nangyayari? Tinatangka nating gawin ang hindi naman hinahanap sa atin ng ating Panginoon. Ang buhay Kristiyano ay hindi isang imitasyon.

Ang pinakamalaking suliranin na pinag-uusapan natin ay matutugunan ng mga simpleng pamamaraan kapag naunawaan na natin ang pagkakaiba ng Imitasyon sa Partisipasyon. *"Sapagkat tayong lahat ay kasama ni Kristo"* (Heb. 3:14). Ang imposible sa akin bilang isang tagagaya lang kay Kristo ay magiging natural kapag naging kabahagi ako ni Kristo. Sa sandaling mapawalang-bisa na ni Kristo ang aking likas na pagkamakasarili at iginawad sa akin ang isang maka-Diyos na buhay sa tunay na kahulugan nito, saka pa lamang magiging posible para sa akin. Kinakailangan kong ipanganak na muli. *"Hindi ito magagawa ng laman"* (Juan 6:63). Kung wala si Jesus wala akong magagawa. Kinakailangan kong mabuhay sa Kanya, at itakwil ang sarili kong buhay, at masumpungan sa Kanya ang "bagong buhay."

Ngayon, sa "bagong buhay" na ito, ang pamantayang Kristiyano na hindi maunawaan at maabot habang gumagalaw tayo sa laman, ay nagiging simple. Ang mga ito ay pawang mga pahayag lamang patungkol sa pamamaraan ng paggalaw. Ang Sermon sa Bundok sa halip na dinidiinan ang bagong paraan ng bagong buhay na ito, ay isang pahayag lamang ng kaaparaanan ng paggalaw.

Ang problema ay hindi tayo nakinig kay Jesus. Sinasabi Niya sa atin na kinakailangan nating manatili sa Kanya bilang isang sanga ng puno ng ubas. Mateo 5-7, kung walang Juan 15, ay magiging gaya ng mga pangkargamentong sasakyan na walang makina, o gaya ng isang balyena na walang tubig o ibon na walang himpapawid.

Sa panayam sa Silid sa Itaas, binigyang diin ng Panginoon ang hindi maipaliwanag na pagsasamang ito, ang espirituwal na pakikiisa ng lahat ng mga mananampalataya sa Kanya--ang hindi lantarang katotohanan ng partisipasyon. *"Manatili kayo sa akin at mananatili Ako sa inyo."* Ang ating mga kabiguan ay nagpapatunay lamang sa Salita ng Tagapagligtas, dahil sinabi Niya *"Sapagkat wala kayong magagawa kung kayo'y hiwalay sa akin."* (Juan 15:5).

Hindi, tinawag tayo hindi upang gayahin si Kristo. Ang katotohanan nito, walang saysay ang ganitong uri ng bagay. Ito ang sinabi ni Pablo, sa 1 Corinto 13—ang kapitulo ng pag-ibig. Maaaring ito ay isa lang kahoy o artipisyal na bagay. Maging dito sinasabi ni Jesus:*"Walang napapala ang laman."*

Ang Kristiyano ay hindi tinawag upang maghirap sa isang papel na kailangan niyang gampanan katulad ng isang aktor na nagdurusa sa mga linyang hindi niya pinag-aralan. Ang buhay Kristiyano sa isip ng Diyos ay walang-hanggang pagiging mapalad. *"Sapagkat tayong lahat ay kasama ni Kristo"* (Heb. 3:14). Mga dakila at mamahaling pangako ang ibinigay sa atin, upang *"makahati sa kanyang kalikasan bilang Diyos."* (2 Pedro 1:4). Itinanim tayo sa Sanga ng walang-hanggang Diyos. *"Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga"* (Juan 15:5).

*"Ito ang hiwaga: sumainyo si Kristo at dahil dito'y nagkaroon kayo ng pag-asang makapiling ng Diyos doon sa kaluwalhatian."* (Col. 1:27).

*Mula sa Bone of His bone.*

# Buhay na nakalaan sa Panginoon

*ni Isaac Chanler*

Taos ba sa puso mong manatili sa Panginoon? Kung gayon ay mag-ingat sa mababaw at di lubos na pagbabago o kaya'y pananampalatayang nasa isip lamang. Ibigay ng lubos ang iyong puso at ang iyong pangalan, pakatandaan na karapatang angkinin iyan ng Manunubos, *"Anak, makinig kang mabuti sa akin at tularan mo ang aking pamumuhay"* (Kawikaan 23:26). Tandaan na napakalaking pagkakamali ng karamihan ang pagkakaroon ng panlabas na pagbabago habang nananatili silang estranghero sa panloob na pagbabago at pagkukumpuni ng Espiritu ng buhay na Diyos sa pagbabago ng kanilang mga puso.

Talikdan natin ang kasalanang madaling pumipigil sa atin. Labanan natin ang kasalanan ng kawalan ng pananampalataya. Sa pamamagitan ng Espiritu, patayin natin ang ating laman upang tayo ay mabuhay. *"Ang isipan mo'y ingatang mabuti at alagaan, pagkat iyan ang siyang bukal ng buhay mong tinataglay"* (Kawikaan 4:23).

...Pagsikapang mabuhay ng may pananampalataya, may pag-ibig, pagnanasa at palagiang pagtitiwala sa Diyos. Sabihin gaya ng sinabi ng apostol, *"At kung ako ma'y buhay hindi na ako ang nabubuhay kundi si Kristo ang nabubuhay sa akin. At habang ako'y nasa daigdig, namumuhay ako sa pananalig sa Anak ng Diyos na umiibig sa akin at nag-alay ng kanyang buhay para sa akin"* (Gal. 2:20). At nawa ay maging palagian mong dalangin at kahilingan na, *"Panginoon, palakasin Mo po ang aking pananampalataya na naglilinis ng puso at nagpapakilos sa pag-ibig; pananampalataya sa mga bagay na hindi nakikita."* (Heb. 11:1). Nawa ito ang maging hininga ng iyong kaluluwa sa Panginoon: *"Sino pa sa langit, kundi ikaw lamang, at maging sa lupa'y aking kailangan?"* (Awit 73:25). *"Kung paanong yaong batis ang hanap ng isang usa; gayon hinahanap ang Diyos ng uhaw kong kaluluwa"* (Awit 42:1). Huwag mawawala ang ating pagtitiwala sa Kanya sa lahat ng oras, sa halip ay magtiwala sa Kanya sa lahat ng sandali, masayang ipinagkakatiwala sa Kanya ang lahat nating alalahanin. *"Huwag kayong mabalisa tungkol sa anumang bagay. Sa halip ay hingin ninyo sa Diyos ang lahat ng inyong kailangan sa pamamagitan ng panalanging may pasasalamat. At ang di-malirip na kapayapaan ng Diyos ang mag-iingat sa inyong puso at pag-iisip sa pamamagitan ni Kristo Jesus."* (Filipos 4:6-7).

Maging malakas tayo sa Panginoon at sa Kanyang kapangyarihan. Maging malakas tayo sa biyaya na nakay Jesu-Kristo, laging *nagpapatuloy at tumitingin sa* itaas. Kapag nahihirapan tayo sa ating mga kakulangan, nawa ang maging kapahingahan natin kay Kristo ay ito, isang ganap na pagtanggap pagpapawalang-sala sa harapan ng Diyos. Habang lalo nating nakikita ang ating mga kahinaan at pagkukulang, lalo nating pahalagahan ang katuwiran ng ating mahal na Panginoon. Opo, maging tayo ay mahina o malakas, sa ating paglapit sa Diyos, nawa ang ating mga kaluluwa ay humimlay sa Diyos.

...At pagkatapos, tiyaking nakasandig ang lahat sa isang buhay na banal at nakikita ng lahat ng tao. Habang pinapaningning ng Diyos ang ating mga puso sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, gayundin paningningin ang ating ilaw na napakaliwanag upang makita nila ang ating mabubuting gawa at luwalhatiin ang Ama na nasa langit. *"Pagsikapan ninyong mamuhay ayon sa Mabuting Balita tungkol kay Kristo...makatitiyak akong kayo'y nananatili sa iisang layunin at sama-samang ipinagtatanggol ang Mabuting balita."* (Filipos 1:27). Maingat na tupdin ang lahat ng tungkulin sa kapwa, na may buong pagpapakumbaba, kapayapaan at pagmamahal. Kung paanong tayo ay tumanggap mula sa Panginoong Jesus, gayun din kailangan nating lumakad at bigyang lugod ang Diyos, kaya dapat lalo tayong managana, dahil dito naluluwalhati ang ating Ama sa langit, na lalong nagpapamunga sa atin; kaya dapat makita ng lahat na tayo ay mga alagad ni Jesus (Juan 15:8). Sa gayon ay maging araw-araw nating aralin na mamuhay na *"karapat-dapat at kalugud-lugod sa Panginoon, sasagana sa mabuting gawa, at lalawak ang inyong pagkakilala sa Diyos"* (Col. 1:10). Huwag tayong masiyahan sa ating kasalukuyang nakamit o nagawa sa biyaya kundi lalo pang lumago doon at sa pagkakilala sa ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesu-Kristo.

*Hango sa Salvation in Full Color* kung saan si Richard Owen Roberts ang editor. *Karapatang-ari 1994 ni Richard Owen Roberts, inilathala ng International Awakening Press. Ginamit na may pahintulot.*

# Ang Kapangyarihan ng Dugo ng Kordero

ni Roy Hession

Ang mensahe at hamon ng *revival* na dumarating sa marami sa atin sa mga araw na ito ay napakasimple. May isang bagay sa mundo na makahahadlang sa pamumuhay ng matagumpay ng isang Kristiyano sa kanyang relasyon sa Diyos at sa kanyang pagiging puspos ng Espiritu Santo—at ito ay kasalanan sa iba't ibang anyo nito.

Mayroon lamang isang bagay sa mundo na makapaglilinis sa kasalanan—at iyon ay ang kapangyarihan ng Dugo ng Panginoong Jesus. Ngunit napakahalaga na makita natin kung ano ang nagbibigay sa Dugo ni Kristo ng angkin nitong kalakasan sa Diyos para sa mga tao, dahil dito ay mauunawaan natin ang mga kondisyon kung paano mararanasan ang ganap nitong kapangyarihan sa ating mga buhay.

Maraming magagawa ang Dugo ng Panginoong Jesus ayon sa Kasulatan. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Dugo ay mayroong pagkakasundo sa pagitan ng tao at ng Diyos. (Col. 1:20). Dahil sa kapangyarihan nito ay mayroong kapatawaran ng mga kasalanan at buhay na walang hanggan para sa lahat ng nananampalataya sa Panginoong Jesus (Col. 1:14; Juan 6:54). Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Dugo, si satanas ay nadadaig (Pah. 12:11).

Sa pamamagitan ng kapangyarihan nito ay mayroong tuluy-tuloy na paglilinis mula sa kasalanan natin (1 Juan 1:7). Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kanyang Dugo tayo ay makalalaya mula sa pagkabihag ng isang masamang konsiyensya upang makapanglingkod sa buhay na Diyos (Heb. 9:14). Sa pamamagitan ng walang-hanggang kapangyarihan ng Diyos, ang pinakamakasalanan ay magkakaroon ng *kalayaang makapasok* sa Dakong Kabanalbanalan ng presensiya ng Diyos at mabuhay doon sa lahat ng panahon (Heb. 10:19). Maaaring magtanong tayo, ano ang nagbibigay ng gayong kapangyarihan sa Dugo!

Sa tanong na ito ay kailangan nating idugtong ang isa pang tanong—paano natin mararanasan ang lubos na kapangyarihan sa ating mga buhay? Kadalasan ang Dugo ay walang kapangyarihan sa atin upang maglinis, magbigay ng kapayapaan, magbigay-buhay, magwasak ng kasalanan sa ating mga puso, at madalas ay hindi natin nasusumpungan ang ating mga sarili sa presensiya ng Diyos at pakikisama sa Kanya sa buong araw.

### Nasaan ang Kapangyarihan?

Ang sagot sa unang tanong ay nasa unang pananalita sa Aklat ng Pahayag na naglalarawan sa Dugo ni Kristo sa pamamagitan ng ekspresyon, *"ang Dugo ng Kordero"* (Pah. 7:14). Hindi ang Dugo ng Mandirigma, kundi ang dugo ng Kordero! Sa madaling salita, ang nagbibigay sa Dugo ng kapangyarihan ay ang pagtitigis ng dugo ng Kordero.

Ang tawag na "ang Kordero" na malimit ibigay sa ating Panginoong Jesus sa Kasulatan, ay una sa lahat naglalarawan ng Kanyang gawain—ang pagiging isang sakripisyo para sa ating kasalanan. Kapag ang isang nagkasalang Israelita ay gustong maging matuwid sa Diyos, ang dugo ng Kordero (kung minsan ay dugo ng kambing) ang kinakailangang patigisin at iwisik sa altar. Si Jesus ang banal na katuparan ng lahat ng mga kordero na inihandog ng mga tao—ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan (Juan 1:29).

Ngunit ang tawag na "ang Kordero" ay mayroon pang mas malalim na kahulugan. Ito ay naglalarawan ng karakter. Siya ang Kordero dahil Siya ang maamo at mababang puso (Mat. 11:29), mahinahon at hindi nanlalaban, at sa lahat ng pagkakataon ay nagsusuko ng sariling kalooban sa Ama (Juan 6:38) para sa pagpapala at pagliligtas ng mga tao. Walang sinuman maliban sa Kordero ang hindi manlalaban at titiisin ang pagtrato ng mga tao na ibinigay sa Kanya. Ngunit Siya, sa pagsunod sa Ama (Fil. 2:8) at dahil sa pagmamahal para sa atin, ay hindi iyon ginawa. Ginawa ng tao ang gusto nilang gawin sa Kanya at para sa ating kapakanan ay pumayag Siya sa lahat ng iyon.

Nang Siya ay kutyain, hindi siya gumanti. Nang Siya ay pinahirapan, hindi Siya nagbanta. Hindi ipinaglaban ang Kanyang mga karapatan, walang paghihiganti, walang sama ng loob, walang pagrereklamo. Ibang-iba sa atin! Noong ang kalooban ng Ama at ang kasamaan ng tao ay nagturo sa madilim na Kalbaryo, ang Kordero ay tumungo lamang na may kababaan, may buong pagpayag doon. Noong magbigay ng propesiya si Isaias, nakita niya ang Panginoon bilang isang kordero, *"Tulad ng Korderong hatid sa patayan, parang mga tupang hindi tumututol kahit na gupitan, ni hindi umimik kahit gaputok man"* (Isa. 53:7).

Ang paghagupit, pagkutya, pagdura, ang pagbunot ng balahibo sa kanyang pisngi, ang mahirap na pag-akyat sa Burol, ang pagpapako at pagbitin sa krus, ang pagsaksak sa kanyang tagiliran at ang pagtulo ng Dugo—hindi mangyayari ang mga ganito kung hindi sa Kordero lamang. At ang lahat ng iyon ay upang bayaran ang aking kasalanan! Kaya makikita nating Siya ay hindi lamang isang Kordero dahil Siya ay namatay sa Krus, bagkus Siya ay namatay sa Krus dahil sa Siya ang kordero.

Palagi nating tingnan ang karakter na ito sa dugo. Hayaang ang bawat pagbanggit sa Dugo ay magpaalala sa atin ng malalim na kababaan at pagsusuko ng sarili ng Kordero, dahil ang karakter na ito ang nagbibigay sa Dugo ng kapangyarihan mula sa Diyos. Ang Hebreo 9:14 ay walang hanggang nag-uugnay ng Dugo ni Kristo sa Kanyang pag-aalay ng Sarili sa Diyos. *"Ngunit higit na di-hamak ang magagawa ng dugo ni Kristo. Sa pamamagitan ng walang hanggang Espiritu ay inialay niya sa Diyos ang kanyang sarili na walang kapintasan."*

Ang katotohanang ito ang nagbibigay ng kapangyarihan ng Diyos para sa mga tao. Dahil ang karakter na ito ay may pangunahing pagpapahalaga ng Diyos. Ang kababaan, ang pagiging gaya ng isang kordero, ang pagsusuko ng ating kalooban sa Diyos ang pangunahing hinahanap Niya sa mga tao. Ang maipahayag ang lahat ng katangiang ito ang dahilan kung bakit nilikha ng Diyos ang unang tao. Ang pagtanggi ng taong lumakad sa daang ito ang nagdala sa unang kasalanan, at ito ang palagiang sanhi ng kasalanan mula noon.

Ang maibalik ang karakter na ito sa lupa ang dahilan kung bakit naparito si Jesus. Nakita ito ng Ama sa kanya kung kaya nasabi Niya, "Ang aking Anak, na Aking kinalulugdan." Dahil ang pagtitigis ng Kanyang Dugo ang pinakanagpapakita ng ganitong karakter na napakamahalaga sa Diyos at napakabisa para sa tao at sa kanyang kasalanan.

### Ang Ikalawang Tanong

Nasa ikalawang tanong na tayo—paano natin mararanasan ang ganap na kapangyarihan ng dugo sa ating mga buhay? Tiyak na sinasabi ng ating puso ang kasagutan, habang nakatingin tayo sa Kordero, nakayukod ang Kanyang ulo para sa atin sa Kalbaryo—tanging sa pagiging handang magkaroon ng ganitong karakter na naghari sa Kanya at sa pamamagitan ng pagyukod ng ating mga ulo gaya Niya. Kung paanong ang karakter ng Kordero ang nagbibigay ng kapangyarihan sa Dugo, gayundin kung tayo ay handa na magkaroon din ng katulad na karakter ng Kordero, na malalaman natin ang lubos na kapangyarihan sa ating mga buhay.

Maaari tayong maging kabahagi ng Kanyang karakter (Filipos 2:5; 1 Cor. 2:16), dahil iyon ay maaaring mailipat sa atin sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan. Ang lahat ng bunga ng Espiritu na binabanggit sa Galacia 5—pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiyaga, kahinahunan, kabutihan, pananampalataya, kababaan, pagtitimpi sa sarili—ano ba ang mga ito kundi mga kapahayagan ng likas ng isang Kordero, ang Panginoong Jesus, at nais ng Espiritu Santo na puspusin tayo ng mga ito. Huwag na huwag nating kalilimutan na ang Panginoong Jesus, bagaman Siya ay nakaluklok sa trono ng Diyos, ay nananatiling Kordero (sinasabi ito ng Aklat ng Pahayag) at nais Niya na maisalin ito sa atin.

### Payag ba Tayo?

Ngunit tayo ba ay nakahanda para dito? Mayroong nagmamatigas na kalooban na kinakailangang mabali, kung nais nating maging handa para sa karakter ng Kordero, at kung nais nating maabot tayo ng kapangyarihang naglilinis ng mamahaling Dugo. Maaaring makakapanalangin tayo ng mahaba para luminis sa ilang kasalanan at para mabalik ang kapayapaan sa ating mga puso, ngunit maliban na tayo ay maging handa na madurog at maging kabahagi ng kababaan ng Kordero, walang mangyayari sa atin.

Bawat kasalanan nating ginagawa ay bunga ng matigas na puso na may taglay na kayabangan, at hindi tayo makasusumpong ng kapayapaan sa pamamagitan ng Dugo hanggat tayo ay payag na makita ang pinanggagalingan ng bawat kasalanan at palitan ang maling pag-uugali na naging sanhi nito sa pamamagitan ng tiyak na pagsisisi, na palaging nakakapagpababa. Ibig sabihin, hindi lamang natin sisikapin at dadamahin sa ating sarili ang kababaan ni Jesus. Kinakailangan lamang nating lumakad sa liwanag at maging payag para sa Diyos na ipakita ang anumang kasalanan na maaaring nasa buhay natin. Masusumpungan natin ang ating mga sarili na hihilingan ng ating Panginoon na gawin ang lahat ng uri ng mahihirap na kilos ng pagsisisi at pagsuko, na madalas ay itinuturing nating maliliit at walang kwentang mga bagay. Ngunit ang kanilang kahalagahan ay makikita sa pamamagitan ng magiging kabayaran kapag inayos natin ang ating kayabangan.

Maaaring ipakita ng Panginoon sa atin ang pag-amin o pagkukumpisal o paghingi ng tawad na kinakailangang gawin ng isang tao o isang kilos ng pagbawi o pagganti ng mabuti na kinakailangang gawin (Mat. 5:23-24). Maaaring ipakita Niya sa atin na kinakailangan nating magpakababa sa isang bagay at isuko ang sarili nating kagustuhan. (Si Jesus ay walang anumang karapatan—paano pa tayo?) Maaaring ipakita Niya sa atin na kinakailangan nating lapitan ang isang tao na nakagawa sa atin ng kamalian at ihingi sa kanya ng tawad ang mas mabigat nating nagawa sa kanya na pagsama ng loob o pagkagalit (Si Jesus ay hindi kailanman nagalit dahil anumang bagay o kaninuman—mayroon ba tayong karapatan na gawin ito?). Maaaring hingin Niya sa atin na maging bukas sa ating mga kaibigan para makilala nila kung sino talaga tayo, upang magkaroon ng tunay na pakikisama sa kanila. Ang mga bagay na ito ay maaaring nakahihiya at ganap na kabaligtaran ng ating ugali ng kayabangan at pagkamakasarili, ngunit sa pamamagitan ng mga kilos na ito ay matututunan natin ang tunay na pagiging basag ang puso at maging kabahagi ng kababaang-loob ng Kordero. Habang nagiging payag tayo sa bawat isyu na ito, lilinisin tayo ng Dugo ng Kordero mula sa lahat ng kasalanan at makapamumuhay tayo kasama ng Diyos na malinis, at may kapayapaan sa ating puso.

*Hango sa The Calvary Road ni Roy Hession. Karapatang-ari 1950 ni Roy Hession Book Trust, Ginamit na may pahintulot.*

# Isang Panalangin

*ni F.B. Meyer*

Sa kaloob-looban ng aking buhay, hinahangad ko na manatiling tunay na dalisay at kaaya-aya.

O Banal at Walang Bahid at Dungis na Diyos, Ika'y sumaakin, Kristal na Bukal ng kadalisayan!

O Kordero ng Diyos, nawa'y ika'y pagmulan ng wagas na kababaan!

O Mangingibig ng mga tao, Ika'y maging apoy ng di kumukupas at lumulukob na pagmamahal!

Gawin Nyo po akong sensitibo sa pinakamaliit na uri ng karumihan at kawalan ng pagmamahal. Bago pa man ito maging lantad, nawa'y masuri ko ito at Kayo ang aking magiging kanlungan.

Sa aking pamilya, nawa ako'y maging pagpapala; ilaw tuwing makulimlim ang mga araw, inspirasyon sa panahon ng kalungkutan at kawalan ng pag-asa; kaaliwan at kaginhawahan sa mga panahong puno ng hirap at pighati.

Laging iniisip ang iba bago ang aking sarili, hindi nagpapakita ng sariling pagdadalamhati o pagdaramdam, palaging matatag at nagliliwanag; pinapasaya ang aking mukha, at pinapahiran ng langis ang aking ulo at ibinabahagi ang aking dalamhati sa Kanya lamang upang ako ay magkaroon ng

"Isang pusong may kagalakan sa sarili, pumapayapa at nagbibigay simpatya."

Sa aking buhay pananampalataya, nawa'y ang paglimot sa pananalangin at banal na kasulatan ay maging mga bagay na lamang ng nakaraan. Ako'y gisingin Mo bawat umaga upang makinig bilang isang alagad! Ako'y pagmadaliin Mo sa Iyong pagtawag at gaya ng lahat ng tunay na alipin, gumising ng maaga upang matipon ang *manna* bago pa mawala ang mga ito pagbukang-liwayway.

Nawa'y ang pakikiniig ko sa Iyo ay hindi masira sa buong araw, nang sa gayon ay maaari akong tumingala sa Iyong mukha kahit na hindi ko oras ng pagsasalita. Ilapit Mo po ako sa Iyo!

"Bawat sandali tawagin at ilayo mula sa sanlibutan

ang aking kaluluwa na naghihintay ng Iyong tanging pagtawag."

Sa aking pang-araw-araw na tawag, gawin Nyo po aking masikap sa aking negosyo, maapoy sa espiritu, naglilingkod sa Panginoon. Nawa'y magtrabaho ako hindi dahil sa sahod na kikitain ko, hindi upang makalamang, kundi upang mabigyang-lugod Kayo.

Nawa'y ang tanging maging layunin ng araw-araw kong pagsisikap ay para sa kapurihan ng Diyos--hindi upang makita ng tao, at maging kalugud-lugod sa kanila, kundi dahil may pusong nakalaan sa Diyos, may takot sa Panginoon, ginagawa ang kalooban ng Diyos na makikita sa mga pangyayari sa aking buhay at naghihintay ng gantimpala tanging mula sa Inyong kamay, O Kapuri-puring Panginoon! (1 Cor. 10:31).

Sa aking paggamit ng salapi, hindi ako mag-aalala para sa aking kinabukasan, hindi rin magtatago ng mga ibinigay Nyo sa akin para sa pansarili lamang: hangad kong maging alipin Nyo, itinuturing ang sarili at lahat ng nasa akin na binayarang pag-aari Ninyo, at ginagamit ang lahat bilang isang kinatawan at tagapamahala lamang.

Sa aking paggamit ng oras at kalusugan at lahat ng oportunidad ng buhay, hangad kong mamuhay ng may matinding pag-iingat, sinasamantala ang lahat ng pagkakataon, iniingatan ang aking katawan bilang dalisay na templo ng Banal na Espiritu, ginagamit ang paglilibang, pagkain, likas na tanawin, paglalakbay at lahat ng makabuluhang gawain na pampalipas oras, bilang pagkakataon na matupad ang layunin ng aking pagkakagawa at pagkakaligtas.

Ipakita Nyo nawa sa akin ang mga talentong Inyong ipinagkaloob sa akin at tulungan Nyo po akong mapaunlad pa ang mga ito. (Matt 25:14-30).

Ngayon ako'y higit na pagpapalain pa, O Panginoon. Ako'y sa Inyo; Binigay ako ng Ama upang mapasa-Iyo bago pa man likhain ang mundo; ako'y binili Mo sa pamamagitan ng Iyong mahal na dugo; pinasimulan Mo ang mabuting gawain sa akin sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

At ngayon ay muli Ninyo akong tanggapin sa Inyong puso, selyuhan ng Banal na Espiritu. Nawa ako'y ilawan, paginhawain at linisin Ninyo, tinuturuan akong magdasal, binubuksan ang mga mata ng aking puso upang makilala Ka at ang kapangyarihan ng Iyong muling pagkabuhay nang sa gayon sa Iyong pag-akyat sa kalangitan, ako man, sa puso't kaisipan, ay umangat at Kasama Ninyo'y patuloy na ako'y manatili, na nabubuhay at naghahari kasama ang Ama at ang Espiritu Santo, Iisang Diyos magpasawalang-hanggan. Amen.

# Si Kristo ang Nabubuhay sa Akin

ni Andrew Murray

Paano tayo binibigyan ng kakayanan ni Kristo upang mabuhay gaya nang nais ng Diyos na ipamuhay natin? Kalimitan ay iniisip natin si Kristo bilang isang Persona na hiwalay sa ating mga sarili, na nakikinig at tumutulong sa atin. Si Jesus mismo, sa talinghaga ng Ubas at Mga Sanga, ay nagsalita patungkol sa buhay kung saan si Kristo ay nabubuhay sa atin. *"Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga,"* sinasabi Niya sa Juan 15:5.

Ano pa ba ang mas malapit o mas maigting ang relasyon kaysa pakikipag-isa ng puno at ng sanga? Maraming klase ng ubas, pero sa bawat isa, ang katas na nasa puno ay katulad din ng katas na nasa mga sanga. Gayundin, ang mismong buhay at Espiritu na nakay Kristo ang sumasa atin din.

Marami ang tumitingin kay Kristo bilang isang Tagapagligtas na nakahiwalay at panlabas lamang. Ang ganyang tao ay hindi lubos na mararanasan ang Kanyang kaligtasan. Kinakailangan kong maniwala sa isang nananahan na Tagapagligtas. Kinakailangan kong malaman na gaya nang si Kristo ay nasa langit, gayundin naman na Siya ay naririto sa akin, ang Kanyang sanga. Pumapasok Siya sa pinakaloob-looban ng buhay ko. Nabubuhay Siya sa loob ko at sa pamamagitan ng pamumuhay dito ay binibigyan Niya ako ng kakayanang mamuhay bilang isang anak ng Diyos.

Iniisip ng iba na kapag si Kristo ay nananahan sa atin, Siya ay nabubuhay sa isang lugar sa ating puso. Iniisip nilang isang nakahiwalay na Persona na sumasakanila at paminsan-minsang gumagawa sa kanilang buhay.

Hindi nararapat ang ganyan. Si Kristo ay sumasaakin at nagiging mismong buhay ko! Pumapasok Siya sa mismong pinakaugat ng aking puso at pagkatao, pumapasok Siya sa aking kalooban at kaisipan at damdamin at pamumuhay, at nabubuhay sa akin sa kapangyarihan na tanging ang Diyos lamang na sumasalahat ng lugar ang makagagawa.

Kapag naunawaan ko ito, ang aking kaluluwa ay yumuyukod sa pagsamba at pagtitiwala sa Diyos. Ipinamumuhay ko sa laman ang buhay ng laman at dugo, ngunit si Kristo na nananahan sa akin ang tunay na Buhay ng aking buhay.

Maganda ang sinasabi dito ng Kasulatan, *"At kung ako ma'y buhay hindi na ako ang nabubuhay kundi si Kristo ang nabubuhay sa akin* (Gal. 2:20).

Ang ispesyal kong punto ay ito: kung si Kristo ay mamumuhay kasama ko, hindi Siya nabubuhay sa akin sa pamamagitan ng isang bulag na puwersa, at sa paraang hindi ko nalalaman. Tinatawagan Niya akong lumapit at tingnan kung ano ang Kanyang buhay. Kung nanaisin ko ang Kanyang buhay, kinakailangan kong talikuran ang sarili kong buhay.

Kinakailangan ko ring talikdan ang lahat ng maling ideya patungkol sa kung ano ba talaga ang buhay ni Kristo. Hindi ako maaaring magkaroon ng buhay ni Kristo na may kapangyarihan maliban kung totoo kong hahanapin kung ano ang buhay na ipinamuhay Niya.

Halina't hayaan na ang buhay na Kristo ay mamuhay sa inyo! Sikaping alamin ang buhay na inihanda Niya sa pamamagitan ng Kanyang halimbawa. Ito'y hindi nangangahulugan na matutularan natin si Kristo. Ngunit dahil ipinamuhay ni Kristo ang kanyang buhay para sa atin, at inilalapat ito sa atin, samakatuwid ay magiging bahagi tayo ng Kanyang buhay.

Malaking kabaliwan para sa isang tatlong taong gulang na bata ang sabihin, "Lahat ng magagawa ng tatay ko ay magagawa ko rin." Paano ko ngayon masasabing "Makapamumuhay akong kagaya ng makapangyarihang si Kristo"?

Ngunit sinasabi sa akin ng Bibliya na kailangan ko itong gawin. Sinasabi din sa akin ng Bibliya na kaya ko itong gawin, hindi sa ganang aking sarili, kundi *"sa pamamagitan ni Kristo na nabubuhay sa akin."* Kung hahayaan ko ang Buhay ni Kristo na angkinin ang aking sariling kalooban at pagnanasa, makakaya kong lumakad gaya ng Kanyang inilakad.

Kaya't suriin natin ang buhay na Kanyang ipinamuhay dito sa lupa kasama ang Kanyang Ama. Hindi dalawa ang Kristo, iisa lang; ang Kristong nabuhay dito sa lupa. Siya ang Kristo na namumuhay sa ating mga puso ayon sa Juan 15 at Galacia 2:20.

Suriin ng mabuti ang buhay ni Kristo gaya nang nakasulat sa Kasulatan at makikita mo na ang malaking marka ng buhay na iyon ay Kanyang ipinamuhay ng may lubos na pagpapakumbaba at pagdepende sa Amang nasa Langit. Sinabi Niya, "Wala akong magagawa sa ganang aking sarili." Ang lahat ng bagay sa Kanyang buhay ay galing sa Diyos.

Pansinin ang limang puntos ng Kanyang buhay: Kanyang kapanganakan, Kanyang Buhay at buhay dito sa lupa, Kanyang kamatayan, Kanyang pagkabuhay na muli, at ang Kanyang pag-akyat sa langit. Sa bawat aspeto, ang Kanyang buhay ay isang pakikipagtulungan sa Banal na Diyos na nasa Langit.

Mula umpisa hanggang sa dulo ng makalupang ministeryo ni Kristo, ang Diyos Ama ang lahat sa Kanya. Kung mauunawaan ko ang mga ito—na ang Kristo na Siyang nabubuhay sa akin ay ang Kristo na nagparangal sa Diyos sa lahat ng bagay—gagawin din Niya ang gayon sa akin.

Iyan ang magiging kagandahan, pagiging pinagpala at kalakasan ng aking buhay, kapag natutunan ko, gaya ni Kristo, na sa lahat ng bagay ang Diyos ang lahat-lahat. Ang prinsipyo ng Kanyang buhay ay magiging prinsipyo ko rin: "Para sa Diyos, sa Diyos, sa pamamagitan ng Diyos, ang lahat ng bagay."

### Kanyang Kapanganakan

Tingnan ang kapanganakan ni Kristo. Ibinigay ng Diyos ang kapangyarihan ng Espiritu Santo kay Birheng Maria. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos na si Kristo ay isinilang bilang isang sanggol sa Betlehem. Siya ang nilalang ng Diyos.

Palaging tinandaan iyon ni Kristo. Palagi Niyang sinasabi sa mga tao na sinugo Siya ng Kanyang Ama. Palagi Niyang kinilala na ang Kanyang buhay ay mula sa Diyos. *"Alam ni Jesus na ibinigay na sa kanya ng Ama ang buong kapangyarihan; alam din niyang siya'y mula sa Diyos at babalik sa Diyos."*

Ito ang panimula ni Kristo. "Ang buhay ko ay mula sa Diyos. Nagmula ako sa Diyos. Wala akong taglay sa ganang akin, at ang lahat ng bagay na dapat kong makuha ay dapat kong kunin mula sa Diyos."

Kung ganito ang paninindigan ni Kristo, ito rin dapat ang sa atin. Kailangan nating sabihin ng buong katotohanan, "ang bagong buhay na ito ay isang buhay na sa akin mula sa Diyos. Ibinigay Niya ito sa akin. Ang gawa ng Diyos ay mismong nasa puso ko, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, sa kapanganakang muli. Mayroon akong bagong buhay mula sa Diyos."

Ano naman ang buhay na ibinigay ng Diyos? Sino ang magpapanatili nito ng maayos? Ang Diyos lamang ang Siyang makapagsasaayos ng Kanyang pinasimulan. Kinakailangan Niya itong tapusin. Kinakailangan Niya itong lubusin.

Malaking kalokohan para sa akin ang isipin na kaya ko itong panatilihin. Natanggap ko mula sa buhay na Diyos ang buhay na Kristo na nasa akin, at hindi ko dapat tangkaing ipamuhay mag-isa ang buhay na ito. Kinakailangan ko itong dalhin sa Diyos at kilalaning, "Diyos ko, Kayo po ang nagtanim nito sa akin, Kayo po lamang ang makapagpapalago nito."

Gawin mo ito kung gusto mong matanto kung paanong ipinamuhay ni Kristo ang Kanyang buong buhay sa pamamagitan ng pagdepende sa kalooban ng Diyos, kalakasan ng Diyos at kapangyarihan ng Diyos. Ang sabi Niya patungkol sa kalakasan, *"Walang ginagawa ang Anak sa kanyang sarili lamang; ang ginagawa lamang niya'y ang nakikita niyang ginagawa ng Ama"* (Juan 5:19).

Totoo ba iyon? Opo. Sabi Niya, *"Ang mga salitang sinasabi ko ay hindi ko sinasabi sa ganang aking sarili. Ang Amang sumasaakin ang gumaganap ng kanyang mga gawain* (tingnan ang Juan 14:10).

Sinabi Niya patungkol sa Kanyang ginawa, "Pumarito Ako hindi upang gawin ang aking kalooban. Lubos akong naghihintay sa aking Ama, upang maisagawa Niya ang matuwid."

Kung si Kristo, ang Banal, ay sinabi iyon, sa tingin ba ninyo ay kailangan natin itong sabihin ng sampung libong ulit? Ito ang nais nating dahilan ng pananahan ni Kristo sa atin: upang ihinga sa atin ang Kanya mismong karakter.

Ang pinakamataas na katangian ng anumang buhay Kristiyano ay ang hayaan ang kaparaanan ng Diyos. Kailangan nating bigyan ang Diyos ng pagkakataon na makakilos sa atin. Kailangan nating lumapit sa araw-araw, oras-oras, sa lugar kung saan lubos ang ating pagdepende sa Diyos. Kailangan nating matutunan ang isang leksyon: "O Diyos, wala akong anuman para sa aking sarili. Wala akong alam. Ako ay walang kabuluhan, at magagawa ko lang ang anumang bagay sa tulong ng Diyos."

At paano ako mailalapit ni Kristo sa Diyos? Hindi Niya ako mailalapit sa Diyos sa kahit anumang paraan maliban sa paraang lumapit Siya sa akin. Ano nga iyon? Ang paraan ng pinakamalalim na pagtatakwil ng sarili; ang daan ng lubos na pagsuko sa Diyos.

Panghabang panahon na inaasahan Niyang ang Diyos Ama ang kumilos sa Kanya. Umasa Siya sa Ama para sa kalakasan. Nanalangin Siya sa Ama para sa patnubay. Umiyak Siya sa Ama sa oras ng pangangailangan. Ang Diyos ang lahat-lahat sa Kanya, at si Kristo ay kuntentong maging walang kabuluhan.

Hindi ko na mapapasimple pa ang nais kong sabihin. Ang pinakamalaking dahilan kung bakit ang ating buhay Kristiyano ay hindi sumusulong ay dahil sa pagtatangka nating gawin ang lahat sa pamamagitan ng ating sarili lamang. Sobra tayong aktibo at kumpiyansa sa sarili. Hindi natin natutunan ang pinakamababang leksyon na ang tanging lugar para sa atin sa harapan ng Diyos ay ang maging wala.

Isipin na lang ang mga anghel sa langit, ang mga serapim at kerubin. Bakit ba sila mga nagliliwanag na apoy sa harapan ng trono ng Diyos? Sapagkat sila ay wala sa ganang kanilang sarili lamang; walang sino man sa kanila ang makahahadlang sa Diyos, at maaari Niyang gawing maningning ang kaluwalhatian ng Kanyang presensiya sa bawat isa sa kanila.

Bakit ganap na perpekto si Kristo, at bakit ganun na lang ang natamo Niyang tagumpay, at bakit lubos Niyang nabigyang lugod ang Diyos? Isang dahilan: Pinayagan Niya ang Diyos na kumilos sa Kanya mula umaga hanggang gabi. Bawat hakbang ay isang pagdepende sa Diyos Ama. Ang Kanyang saloobin ay "Ama, patnubayan Nyo po ako"; "Ama, naghihintay po ako sa Inyo"; at "Ama, kumilos po Kayo sa akin."

Kapag pumapasok sa atin si Kristo upang manahan, ang pangunahing bagay na nais Niyang gawin sa atin ay ang lubos na pagdepende sa Kanya. Kapatid, kailangan mo bang sambitin, "Hindi ko pa naisip iyan. Hindi ko pa ito naisasabuhay. Hindi ko pa nauunawaan na mula umaga hanggang gabi dapat ko palang hayaan ang Diyos na kumilos sa akin. Wala akong dapat gawin."

"Paano ko magagawa ang aking gawain?" maaaring maitanong mo ito. Wala din bang ginawa si Kristo? Wala din bang ginawa si Apostol Pablo? Hindi siya tumigil sa gawain, ngunit paulit-ulit Niyang sinabi, "Wala ako sa ganang akin." Ang paghihintay sa Diyos ay hindi ibig sabihin na wala na tayong gagawin. Sa halip ay marami tayong magagawa.

Idalangin sa Diyos na turuan tayo na kung nais nating matutunan ang kapangyarihan ni Kristo sa ating buhay, kinakailangan natin ang isang buhay na lubos na umaasa sa Diyos.

### Ang Kamatayan ni Kristo

Ano ang itinuro sa atin ni Kristo patungkol sa pagdepende sa Diyos? Ipinapakita nito sa atin na ang buhay na ibinigay Niya sa Kanyang Anak ay lubos ding isinuko sa Diyos.

*(sundan sa pahina 6)*

# Pagkilala sa Kapangyarihan ng Panginoon para sa Pagtatagumpay

*ni H.C. Moule*

Gusto kong sabihin na POSIBLE, para doon sa mga nakahanda na kilalanin ang kapangyarihan ng Panginoon para sa pagtatagumpay, ang makapamuhay kung saan ang Kanyang mga pangako ay pinanghahawakan at napatutunayang Totoo.

**POSIBLE** na ilagak ang lahat ng ating kabalisahan sa Kanya sa araw-araw at maranasan ang tunay na kapayapaan.

**POSIBLE** na maging dalisay at puro sa malalim ng kahulugan ng salita ang mga kaisipan at imahinasyon ng ating mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya.

**POSIBLE,** sa pamamagitan ng pagkanlong sa ilalim ng makalangit na kapangyarihan, na maging tunay na malakas; at kung dati-rati ang matatagpuan ay ang ating kahinaan, makikita ang mga bagay na dati-rati'y sumisira sa lahat ng ating pagsisikap na maging matiisin o malinis o mapagpakumbaba, ay ngayon nama'y magbibigay ng pagkakataon—sa pamamagitan Niya na umibig sa atin at gumagawa sa atin kasama ng Kanyang kalooban at isang pinagpalang karanasan ng Kanyang presensiya at kapangyarihan—upang alisan ng kapangyarihan ang kasalanan!

Ang mga bagay na ito ay **MAKALANGIT NA MGA POSIBILIDAD,** at dahil ang mga ito ay Kanyang gawa, ang tunay na karanasan ng mga ito ay magdadala sa atin upang yumukod sa Kanyang paanan at matutunan na mauhaw at magnasa ng higit pa! Hindi tayo tunay na masisiyahan sa anupaman sa bawat araw, bawat oras, bawat sandali, maliban na tayo, kay Kristo, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo—AY LALAKAD KASAMA NG DIYOS.

# Si Kristo Mismo

*ni Horatius Bonar*

ang nag-iisang layunin o lugar ng kapahingahan kung saan ang mga pag-aalinlangan at pagkapagal, ang sundot ng konsiyensya, at ang mga pagnanasa nang hindi nasisiyahang kaluluwa ay natatahimik. Hindi ang simbahan, kundi kay Kristo. Hindi doktrina, kundi kay Kristo. Hindi mga pormalidad, kundi kay Kristo. Hindi mga seremonya, kundi kay Kristo; kay Kristo ang Diyos na Tao, nagbigay ng Kanyang buhay para sa atin; sinelyuhan ang banal na tipan, at pinagkasundo tayo sa pamamagitan ng dugo ng Kanyang krus; si Kristo ang banal na pinagmumulan ng lahat ng liwanag at katotohanan, *"sa Kanya natatago ang masaganang karunungan at kaalaman ng Diyos"* (Col. 2:3); si Kristo ang walang hanggang sisidlan, puspos ng Espiritu Santo, ang Nagbibigay-liwanag, ang Guro, ang Nagpapanibago, ang Mang-aaliw, upang *"Dahil sa siya'y puspos ng pag-ibig, tayong lahat ay tumanggap mula sa kanya ng abut-abot na kaloob"* (Juan 1:16). Ito lamang ang kanlungan ng pagod na kaluluwa, ang bato na matatayuan, ang tahanan na matitirhan hanggang sa ang dakilang manunukso ay matanikalaan at bawat kaguluhan ay mawawakasan na may katagumpayan.

*"Sumampalataya ka sa Panginoong*

## Si Kristo ang nabubuhay sa akin

*(mula sa pahina 5)*

"Hindi ko tiningnan ang Aking buhay na sa akin," iyan ang ibig Niyang sabihin. "Kung gusto iyan ng Ama, anumang kahirapan, anumang kahihiyan at anumang pagtitiis sa hirap ng kamatayan, ibibigay ko ito sa Kanya."

Iyan ang patas. Iyan ang tama. Kung ang lahat-lahat na nasa akin ay mula sa Diyos, kung gayon ang lahat-lahat ay nararapat na ibalik sa Kanya.

Ganito ang sitwasyon ni Kristo. Nang Siya ay labindalawang taong gulang lamang, sinabi Niya kay Maria, *"Hindi mo ba alam na ako'y dapat na nasa bahay ng aking Ama?" Pagkatapos ay sinabi Niya, "Ang pagkain ko'y ang tuparin ang kalooban ng nagsugo sa kin, at ganapin ang ipinagagawa niya."*

Muli ay sinabi Niya, *"Sapagkat ako'y bumaba mula sa langit, hindi upang gawin ang kalooban ko, kundi ang kalooban ng nagsugo sa akin."* Sa Gethsemane, sa mga huling oras ng pagdurusa bago ang Kanyang kamatayan, sinabi Niya sa Ama, *"Hindi ang aking kalooban, kundi ang Inyong kalooban ang masunod."*

Tayo bilang mga mananampalataya ay hindi kailanman kinilala ang mga karapatan na mayroon ang Diyos. Hindi man lamang natin naunawaan na bawat kapangyarihan na mayroon tayo ay nanggaling sa Diyos.

Ang aking buong buhay ay nagmula sa Diyos, at bawat sandali ng buhay ko ay kinakailangang maisuko pabalik sa Kanya. Bawat kalakasan na natatanggap ko sa espirituwal na buhay ay nagmula sa Diyos, kung paanong ang liwanag ng araw ay nagmula sa araw, at lahat ng bagay ay kinakailangang magbalik sa Diyos gayundin bawat kilos ay para sa kaluwalhatian ng Diyos.

Ang isang Kristiyano na mayroong Kristo sa buhay niya ay magiging tunay na banal, isang tao na nakalaang lubos sa Diyos. Hindi ito madali. Bakit? Dahil ang sarili natin *ay napakalakas. Kasalanan ang nagdala sa atin* sa nakatatakot na kundisyong ito. Sa halip na isiping isang karangalan at isang pribilehiyo ang maging wala sa sarili at gawin ang kalooban ng Diyos, tiningnan natin itong napakahirap na karanasan.

Ang kasama ni Pablo na si Epafras, nang nananalangin para sa mga mananampalatayang taga Colosas, ay hiniling na sila ay makatindig na ganap sa lahat ng kalooban ng Diyos (Col. 4:12). Isipin ninyo iyon! Inasahan ni Pablo na maging totoo ito sa bawat Kristiyano.

Nabuhay si Kristo para lamang sa kalooban ng Diyos, at gusto mo ba ang Kristong ito sa puso mo, o gusto mong subukang mabuhay na para sa sarili mo? Gusto mo ba ang buhay na Kristo, ang Kristo na nagpahayag sa Diyos, na inialay ang lahat-lahat?

Kung mayroon mang isang may karapatang magsabi na, "Mabubuhay ako para sa aking sarili," iyon ay si Kristo. Ngunit hindi Niya ginawa iyon. Ito ang tanging nais Kong mabuhay sa akin—isang Kristo na magbibigay sa akin ng lakas upang mabuhay na nakadepende sa Diyos.

Ibinibigay ng Diyos sa iyo ang Kristong ito kung, mula sa puso mo, ay iniaalay mo ang iyong buhay, oras, at kalooban sa Kanya upang gawin ang gayundin sa buhay mo.

Isipin mo iyong maganda, perpektong buhay ni Kristo, isang buhay na walang kasalanan! Kinakailangan bang ialay Niya ang Kanyang buhay? Oo!

Nais ni Kristo na malaman natin, "Kung nais mo Akong mabuhay sa iyo, kinakailangan mong gawin ang ginawa Ko. Ang sarili mong buhay ay kinakailangang ialay hanggang kamatayan, hanggang sa kamatayan sa krus, upang ipako." Kinakailangan tayong maging tunay na kabahagi ng kamatayan ni Kristo.

Kaya't sinasabi ng Salita ng Diyos, *"Sapagkat kung nakaisa tayo ni Kristo sa isang kamatayang tulad ng kanyang kamatayan, tiyak na makakaisa niya tayo sa isang muling pagkabuhay tulad ng kanyang pagkabuhay"* (Rom. 6:5).

Kaya't, bilang isang Kristiyano ay dapat kong sabihin sa Diyos, "Gusto kong isuko ang buhay ko. Gusto kong mamatay sa aking sarili. Gusto kong pumarito si Kristo sa akin sa Kanyang kamatayan, at dalhin ako doon upang Siya ay mabuhay sa akin."

### Ang Pagkabuhay na Muli ni Kristo

Ang susunod na hakbang ay ang pagkabuhay na muli. Nang ialay ni Kristo ang Kanyang buhay, ibinalik iyon ng Diyos sa Kanya sa mas higit pang kaluwalhatian. Matapos mailibing si Kristo, itinaas Siya ng Diyos, binigyan Siya ng panibagong buhay, walang-hanggang mas mataas at mas mainam kaysa sa buhay na Kanyang inialay.

Ito ang itinuturo sa akin ng pagkabuhay na muli ni Kristo: na kung handa akong ialay ang masama kong buhay, ang masama kong kalooban, ang aking puso at mga hilig nito, lahat ng aking kapangyarihan sa mundong ito, isuko itong lahat sa Diyos, ipagkakaloob ng Diyos ang bagong pagkabuhay na muli sa aking puso dito sa lupa. Si Kristo ang Siyang Nabubuhay, na ibinangon mula sa mga patay, ay darating at mananahan sa aking puso.

Pag-aralan ang libingan ni Jesus. Ano ang kahulugan nito? Inialay ni Kristo ang kanyang buhay hanggang kamatayan, ang Kanyang kawalang magagawa, upang maging balewala sa harapan ng Diyos. Doon Siya ay nahimlay, lubos na hinayaan ang Diyos na gawin ang Kanyang ibig kung kailan Niya gusto.

Ano ang ginawa ng Diyos? Tinupad Niya ang Kanyang pangako, at binigyan Niya si Jesus ng isang buhay na isanlibong ulit na mas maluwalhati kaysa Kanyang dating buhay bago ng Kalbaryo. Kung nais mo si Kristo na tunay na mamuhay sa puso mo, gusto mo ang Kristo na bumaba hanggang sa libingan. Nais mo si Kristo sa Kanyang pagkabuhay na muli na pumasok sa iyo, at makiisa sa iyo, ang Kristo na namatay at ngayon ay nabubuhay magpakailanman.

Siya itong pumaparito at nagdadala ng kapangyarihan ng Kanyang kamatayan sa akin, upang ang lahat ng bagay ay mamatay sa sarili at sa kasalanan, at dadalhin ang kapangyarihan ng Kanyang buhay, upang ang lahat ng nasa akin ay mabuhay ng isang bagong buhay mula sa Diyos.

Huwag maging kuntento ng pawang mga kaisipan lamang patungkol sa presensiya ni Jesus. Hayaang ang Kanyang pagdating ay maging katotohanan. Hayaan Siyang maging isang buhay na presensiya.

Sino itong Kristong nabubuhay sa akin? Siya ay isang Lalaki na tumanggap ng Kanyang buhay mula sa Diyos, na ipinamuhay ang buhay na iyon sa isang lubos na pagdepende sa Diyos, isang Lalaki na isinuko ang Kanyang buong buhay at kalooban sa Diyos, ang Lalaking binuhay na muli mula sa mga patay sa pamamagitan ng malakas na kapangyarihan ng Diyos. Ito ang Kristo na nais manahan sa iyo.

### Ang Pag-akyat sa Langit ni Kristo

Pagkatapos ng pagkabuhay na muli ni Kristo, Siya ay umakyat sa langit. Kinuha Siya ng Diyos at dinala sa lugar ng kapangyarihan, upang makihati sa Kanyang trono ng kaluwalhatian, ginawa Siyang kabahagi ng makalangit na kapangyarihan. Isinugo Niya ang Espiritu Santo.

Marami ang nagtatanong, "Paano ako magiging pagpapala sa aking kapwa?" Paano naging pagpapala si Kristo sa sanlibutan? Ibinigay Niya ang Kanyang sarili sa Diyos, namatay sa Kanyang sarili at sa Kanyang sariling likas na buhay at naghintay na ibangon Siya ng Diyos.

Dahil ginawa Niya ito, itinaas Siya ng Diyos sa lugar ng pagpapala. Dahil sa Kanyang kamatayan at pagkabuhay na muli, maipadadala Niya sa atin ang Espiritu Santo.

Gusto mo si Kristo, ngunit hindi mo siya maaangkin hanggat hindi mo pa natutunan ang leksyon ng pagdepende sa Diyos. Kinakailangan mong mamatay, at pagkatapos ay matutunan sa pananampalataya na angkinin si Kristo sa Kanyang pagkabuhay na muli at sa Kanyang pag-akyat sa langit.

Kaya't habang si Kristo ay nabubuhay sa iyo dito sa lupa, ikaw ay magiging kabahagi ng kaluwalhatian ng Kanyang buhay sa langit. Ang buong buhay ni Kristo sa iyo—ang pagdepende sa Diyos ni Kristo, ang Kristong inialay sa Diyos, ang Kristo na binuhay na muli ng Diyos, at ang Kristo na itinaas kasama ng Diyos—ang Kristong ito ang nais na manahan sa iyo.

Kung ilalapit ako ni Kristo sa Diyos, hindi iyon maaaring mangyari labas sa aking sarili. Kinakailangang mabuhay Siya sa akin, kaisa sa akin sa kaayusan at pagsunod sa paglilingkod sa Diyos. Ito ay isang misteryong espirituwal, ngunit ang Diyos ay isang Banal, Personang Espirituwal, at hindi ako maaaring makalapit sa Kanya sa pamamagitan ng aking isip o isipin lang ang isang lugar sa langit.

Ang ibig sabihin ng mapasa-Diyos ay ito: si Kristo ay pumaparito sa akin at ipinapamuhay ang Kanyang buhay sa akin. Pinapangunahan Niya ako sa isang personal na pakikisama sa buhay na Diyos.

Ang isang malaking katanungan ng Iglesia ay, "Bakit mahihina ang mga Kristiyano?" At ang malaking katanungan ng marami ay, "Ano ang ating magagawa upang makuha ang isang lubos na buhay Kristiyano, ang mabuhay gaya ng ipinangako ng Diyos na maipamumuhay natin?" Ano ang ating magagawa upang maging mga anak ng Diyos gaya ng magagawa ng Ama sa atin bilang mga sanga ng puno ng ubas?

Ano ang dapat nating gawin? Una, kinakailangan nating masdan ang Kristong ito, at tanungin ang ating mga sarili, "Ako ba ay nakahanda na ialay ang lahat-lahat upang ang Kristong ito ay makapanahan sa akin?" Nakita mo at alam mo kung paanong nabuhay si Kristo kay Pablo. Iyon ay para bang si Kristo ay naging tao sa katauhan ng Kanyang Apostol—kaparehong init ng pagmamahal sa Diyos, kaparehong pagmamahal para sa mga kaluluwa, kaparehong kahandaan na isakripisyo ang lahat-lahat. Ang lahat ng dakilang nagawa ni Pablo ay bunga ng isang kumpletong buhay ni Kristo na nasa kanya.

Nakahanda ka bang magkaroon ng Kristong ito sa iyo?

Halimbawang ikaw ay maging kasinghirap ni Kristo, katulad Niyang inusig, at halimbawang sabihin ng Diyos, "Mga anak, ibinibigay ko ang pinakamataas na kaluwalhatian sa tao na magbibigay pahintulot kay Kristo na pumarito at mabuhay sa kanya, ipamuhay ang mahirap na buhay na Kanyang dinanas." Marami ang magsasabi, "Opo, Panginoon, ibibigay ko ang anuman na nais kunin ni Kristo sa akin."

Ilan ang magsasabi, "Dito, kung saan ako nakatira, ay hihingi ng malaking kabayaran kapag dinala ko Siya sa akin sa gayong paraan."

Kaibigan, pumaparito sa atin ang Diyos na may tanong na ganito, "Nakahanda ka ba na tanggapin ang Aking Anak na si Jesus, gaya ng nasusumpungan mo sa Kanya sa Kasulatan, sa Kanyang kababaan, sa Kanyang pagdepende, sa Kanyang pagpapailalim at pagsunod, sa Kanyang pagsusuko ng buhay hanggang kamatayan at sa libingan, sa Kanyang paghihintay sa Akin para Siya ay buhaying muli? Nakahanda ka ba na tanggapin si Kristo sa puso mo?"

Nakahanda ka ba? Kung hindi, nakahanda ka ba na gawing handa? Kung gayon, sabihin mo sa Kanya, "Nais ko na si Kristo ay ipamuhay ang Kanyang buhay sa akin at gawin akong eksaktong katulad Niya." Nakahanda Siyang gawin ito sa iyo.

Huwag ka nang maging kuntento sa di seryosong Kristiyanismo at sinasabing, "Ako ay ligtas na, at pinatawad na. Mayroon na akong Kristo. Ginagawa ko naman ang lahat."

O, lumapit kayo sa isang buhay na puno na iniaalok ng Diyos. Hayaan si Kristo na angkinin ka ng lubusan. Hayaang pumasok si Kristo—Siyang Pinakamapagpakumbaba, Siyang Masunurin, Siya na nabuhay na nagtitiwala sa Diyos, at sabihing, "Iyan ang magiging buhay ko, kung ipamumuhay iyan ni Kristo sa buhay ko."

Mula sa *Ministry at Moody* ni Andrew Murray.

Ang matagumpay na Kristiyano ay

# Angkinin at Ipamuhay ang Tagumpay ni Kristo

ni F.J. Huegel

kinakailangang tumindig kung saan tumindig ang Tagapaglitas nang sinabi Niya, *"Dumarating na ang pinuno ng sanlibutang ito. Wala siyang kapangyarihan sa akin"* (Juan 14:30).

Matindi ang pakikipaglaban ng kaaway para tuksuhin si Jesus upang magkaroon ang diyablo ng pagkakataon. Sa likod ng pagkutya, pagdura, paghagupit, pag-alipusta, pamumusong at lahat, ay ang prinsipe ng kadiliman ng sanlibutang ito na ang mga gawa ay tinalo na ng Tagapagligtas. Ang lahat ay naging balewala. Walang anumang napala ang diyablo kay Jesus.

### Si Satanas ay Talunang Kaaway

Ngayon dapat ay maaari na nating masabi na, "Walang puwang ang diyablo sa akin." Kung mayroong makikita ang diyablo sa inyo na magagamit niya—masamang kalooban, inggit, hindi handang magpatawad sa isang kapatid na nagkasala sa iyo, lihim na kayabangan, di banal na pagpili, pagkahayok sa papuri ng tao—sa isang salita, ang tinatawag ni Pablo na "laman"—tiyak na maitutumba ka sa oras ng labanan.

Pero sinasabi mo, "Paano ako makatitindig kung saan tumindig si Jesus?" Ang sagot ko: Sa pamamagitan ng pagkilala at lubos na paglalapat ng lahat ng ginawa Niya sa Kalbaryo. Isinama ka Niya sa Krus upang ang lumang pagkatao ay mawasak. Ikaw ay binuhay at pinaupong kasama Niya sa kalangitan (Roma 6; Efeso 2).

Walang kapangyarihan si satanas sa isang bagong likhang buhay. Ang kanyang silid-gawaan ay ang lumang pagkatao. Kung ikaw ay nabubuhay sa lugar ng di pa napako sa krus, lumang pagkatao, ikaw ay puntirya ng mga pana ni satanas.

### Ang Digmaan Laban sa Sarili, Kasalanan at kay Satanas ay Napagtagumpayan na

Ang tagumpay Kristiyano ay walang iba kundi ang Amen ng pananampalataya sa dakilang tagumpay na natamo ni Kristo sa Kalbaryo.

Para mapasali sa tagumpay na ito, ang kinakailangan mo lang gawin ay sabihin ang "Amen" doon sa ipinahayag na ng Diyos bilang katotohanan sa Kanyang Salita—na ang iyong pagkatao ang dinala ni Kristo sa Krus, at, sa pamamagitan ng libingang walang laman, patungo sa trono.

Kailangang matutunan natin ang leksyon sa Kasulatan patungkol sa pagpapatunay. Hindi tayo maaaring magkamali sa pagpapatunay ng ano mang pinatunayan na ng Diyos. Hindi na natin kailangan pang hingin sa Diyos na paupuin tayo sa kalangitan, mas mataas kaysa lahat ng bagay, upang magkaroon ng isang matagumpay na buhay Kristiyano. Kung tayo ay tunay na mga mananampalataya ni Kristo, tayo ay naroon na. Kinakailangan lang nating patunayan ang ating posisyon. Ito ay pananampalataya.

Ito ang pamamaraan ni Pablo. Pakinggan ang kanyang pagpapatunay ng pananampalataya: *"Ang lahat ng ito'y magagawa ko dahil sa lakas na kaloob sa akin ni Kristo"* (Fil. 4:13). *"At kung ako ma'y buhay hindi na ako ang nabubuhay kundi si Kristo ang nabubuhay sa akin. At habang ako'y nasa daigdig, namumuhay ako sa pananalig sa Ama ng Diyos na umibig sa akin at nag-alay ng kanyang buhay para sa akin"* (Gal. 2:20).

*"Ang lahat ng ito'y kayang-kaya nating pagtagumpayan sa pamamagitan niya na nagmamahal sa atin"* (Rom 8:37). Parang pag-aakala lang ito—pero walang aka-akala sa pananampalataya. Wala tayong mararating sa paghingi sa Diyos na nasasaatin na sa pamamagitan ni Kristo. Ilapat ang Kanyang tagumpay ngayon din—para sa iyong sarili.

Mabuhay sa lupain ng pagkabuhay na muli. Ang bagong nilalang ay nagpasimula sa pagkabuhay na muli ng Tagapagligtas.

*"Kaya't ang sinumang nakipag-isa kay Kristo ay isa nang bagong nilalang. Wala na ang dating pagkatao; siya'y bago na"* (2 Cor. 5:17).

*Muling inilathala mula sa nakaraang isyu ng Pahayag ng Kanyang Pagdating*

Kay Kristo mismo, masusumpungan

# Manampalataya sa Diyos para sa Kaligtasan ng Inyong Buong Sanlibutan

ni B. Davidson, dating Misyonero sa India

*Jesus, at maliligtas ka—ikaw at ang iyong sambahayan."* (Gawa 16:31).

Kalooban ng Diyos na ang buong sambahayan mo ay maligtas. Wala nang iba pang hinihintay na mensahe ang isang anak ng Diyos maliban dito.

Nilikha ng Diyos ang kalangitan sa prinsipyo ng pamilya. Tinawag ng dakilang Anak ang langit na *"Ang tahanan ng Aking Ama"* (Juan 14:2), kung saan Siya ay nakatira, nagmamahal, naghahari at nagpapala. Mayroong malalim na pagkaalam sa puso ng bawat anak ng Diyos na ang langit ang ating walang-hanggang tahanan. Itinulad ng Diyos ang lupa sa kaparehong prinsipyo ng isang pamilya, at kalooban Niya na bawat pamilya sa lupa ay maging munting langit.

**Noe**

Sa Genesis 7:1, *"Sinabi ni Yahweh kay Noe, 'Pumasok kayong mag-anak sa daong.'"* Ang arko ay isang larawan o tipo ni Kristo, at ang baha ay tipo ng hatol ng Diyos sa kasalanan. Lahat ng umakyat sa arko ay nangaligtas mula sa baha. Hayag na kalooban ng Diyos na ang buong sambahayan ni Noe ay maligtas, at mayroon siyang pananampalataya *"Gumawa siya ng daong upang siya at ang kanyang sambahayan ay maligtas"* (Heb. 11:7). Ang Diyos ay walang pinipiling sinuman, at patuloy pa rin Siyang nagbibigay ng kaparehong paanyaya sa bawat isa.

**Abraham**

Sinabi ng Panginoon kay Abraham, *"Pinili ko siya upang ipasunod niya sa kanyang lahi ang aking mga utos, sa pamamagitan ng paggawa nang matuwid at pagpapairal ng katarungan"* (Gen. 18:19). Nais ng Diyos na ang ulo ng bawat tahanan ay magkaroon ng banal na pamumuno sa kanyang sambahayan. Ang ating Ama sa langit ang ating huwaran sa puntong ito. Kung paanong pinamumunuan Niya ang Kanyang pamilya ng may pag-ibig, pagtitiyaga, karunungan, pagkahabag at katarungan, nagpapakita ng mabuting halimbawa, gayundin dapat natin iyong hangarin.

**Eli**

Isa sa pinakamabigat na kasamaan ng kasalukuyang panahon ay ang kawalan ng awtoridad ng magulang, at ito ang sanhi ng napakaraming kaguluhan sa buong lipunan. Ang depektong ito ay nangyayari dahil sa hindi pagsangguni sa Bibliya upang kunin ang mga kautusan ng Diyos sa bagay na ito. Ang kasaysayan ni Eli ay isang maliwanag na katibayan ng poot ng Diyos maging sa mataas na saserdote—dahil siya ay pabaya sa pangunguna bilang isang magulang...

*"Habang panahon kong parurusahan ang kanyang lipi sapagkat hinayaan niya akong lapastanganin ng kanyang mga anak"* (1 Sam 3:13). Ang pagpapabaya ni Eli sa kanyang tahanan ay nangahulugan ng pagkawala ng buhay ng kanyang mga anak na lalaki, ang pagkawala ng banal na arko ng Diyos, pagkatalo ng buong bansa, at ang pagkawala ng maraming buhay, pati ng kanyang sariling buhay. Nawa ay maging babala ito doon sa mga hindi sinasaway ang kaniyang sambahayan.

May ilang magulang na pinangungunahan ang kanilang tahanan sa paraang matuwid, ngunit iyon ay isinasagawa ng walang pagmamahal, malupit at istriktong espiritu. Ang resulta, ang mga anak ay nagwawala kapag may pagkakataong makalaya. Hindi pinapamahalaan ng Diyos ang kanyang tahanan sa isang malamig, malupit na paraan. Isinasaalang-alang Niya ang edad at ugali ng bawat isa sa atin, at ginagawa ang pinakamabuti para sa bawat isa.

Mayroon ding mahuhusay na mga negosyante na humahawak ng malalaking negosyo ng matagumpay, ngunit ang mga taong ito sa tahanan ay kapareho ni Eli. Mayroong biyaya para sa bawat isa sa atin kung makikita natin ang ating pangangailangan at ilalapat ang biyaya.

**Paskuwa**

Nang itakda ng Diyos ang Paskuwa ay sinabi Niya, *"...bawat puno ng sambahayan ay pipili ng isang kordero"* (Exo. 12:3). Ang Paskuwa ang isa sa pinakamaliwanag na tipo ng pagliligtas—kaligtasan sa pamamagitan ng dugo ng Kordero ng Diyos. Dito ay ipinapakita ng Diyos na itinuturing Niya ang tahanan bilang isang pangkat para sa kaligtasan.

Bawat tao sa bawat tahanan ay kinakailangang magsisi at manampalataya ng personal sa Panginoong Jesu-Kristo, ngunit isasagawa lamang iyan ng Diyos kung tayo ay magtitiwala na ililigtas Niya ang ating sambahayan.

Nais ipaiwan ni Paraon ang maliliit na bata sa Ehipto, ngunit pinayagan niya ang matatanda na umalis ng Ehipto upang sumamba sa Diyos. Alam na alam niya na kung mapipigilan niya ang maliliit na bata, balang araw ay babalikan sila ng kanilang mga magulang sa Ehipto. Hindi pinakinggan ni Moises ang mungkahi. Bawat ama ay dinala ang buong pamilya mula sa lupaing iyon—na sumisimbulo sa sanlibutan.

Ilang mga Kristiyano mayroon ngayon na nilisan ang Ehipto ng sarilinan, ngunit iniwan ang kanilang mga anak sa makamundong kapaligiran, kasamahan, mga aklat, edukasyon at libangan? Libu-libong mga anak ang nangapahamak sa paraang ito na dapat sana ay inaangkin at sinasanay para sa Diyos.

**Rahab**

Si Rahab ay isang magandang halimbawa ng isang makasalanang lumapit sa Diyos at dinala ang kanyang buong sambahayan sa kaligtasan. Ipinapakita ng Josue 2:9-13 na mayroon siyang tunay na pananampalataya sa Diyos, at nakiusap para sa kanyang, *"ama, ina, kapatid"* (t. 13). Nang bumagsak ang pader ng Jericho, ang tirahan ni Rahab ay hindi nagiba, kahit ito ay nakasandig sa pader, ang bahay na iyon ay nakatindig bilang isang tahimik na monumento ng katapatan ng Diyos, sa Kanyang pagnanais na tugunin ang panalangin ng isang kawawang makasalanan para sa kanyang sambahayan.

Sinasabi sa atin ng Josue 6:23-25 na ang kanyang ama, ina, mga kapatid, at lahat ng kanyang kamag-anak ay nangaligtas.

Isang binata na namumuhay sa kasalanan ay naligtas. Siya ay nabibilang sa isang pamilya na may siyam na magkakapatid, pero ang iba pa, pati ang mga magulang, ay hindi mananampalataya; nagsimula siyang manalangin para sa kaligtasan ng kanyang sambahayan, pero ang sabi sa kanya ni satanas ay, "Tingnan mo ang iyong nakaraang buhay; paano sasagutin ng Diyos ang iyong panalangin para sa iyong sambahayan!" Sumagot siya, "Oo, totoo yan, pero hindi ako kasinsama ni Rahab, at dininig ng Diyos si Rahab para sa kanyang sambahayan."

Kinausap niya ang kanyang kapatid na lalake, at agad itong naligtas; patuloy pa rin siyang nanalangin, patuloy sa pakikipag-usap, at pagsulat hanggang sa ang kanyang mga magulang at bawat isa sa kanyang pamilya ay nangaligtas. Ang karanasan ni Rahab ay nagpapakita na tutugunin ng Diyos ang panalangin ng bawat miyembro ng pamilya para sa kaligtasan ng lahat sa kanila.

**Josue**

Si Josue, ang mabuti at matapang na alipin ng Diyos, ay maaaring makapagsabi sa mga tao na, "Kung layuan man ng lahat ang Diyos, ako at ang aking sambahayan, kami ay maglilingkod sa Panginoon." Basahin ang Josue 24:15.

**Isang Pinuno**

Nang pagalingin ng Panginoong Jesus ang anak ng pinuno, *"siya at ang kanyang buong sambahayan ay sumampalataya kay Jesus"* (Juan 4:53). Napakaganda nito, at gaya ng nararapat. Maiisip natin ang kagalakan ng Panginoon nang makita Niya na ang buong sambahayan ay sumampalataya sa Kanya.

**Cornelio**

Si Cornelio, isang kapitan sa hukbong Romano sa pananakop sa Palestino, ay pinalaki bilang isang walang Diyos ngunit habang nakatira siya sa mga Hudyo, nabalitaan niya ang tungkol sa buhay na Diyos.

Kinausap siya ng Espiritu Santo tungkol sa kanyang kasalanan, at nagsimula siyang manalangin para sa kanyang kaligtasan. Dininig ng Diyos ang kanyang mga panalangin, at nagpadala ng anghel na may mensahe mula sa mismong puso ng Diyos: *"Magpasugo ka... sasabihin niya sa iyo ang tungkol sa ikaliligtas mo at ng iyong sambahayan"* (Gawa 11:13-14).

Nanalig si Cornelio sa Diyos, at nagpadala ng dalawang utusan kay Pedro. Magandang tuntunin ang pananampalataya ni Cornelio sa ganitong paraan, pati ang lawak ng kanyang pagmamahal para sa kaligtasan ng iba. *"Naghihintay na sa kanila si Cornelio, pati ang mga kamag-anak at matatalik na kaibigan na kanyang inanyayahan"* (Gawa 10:24).

Nangako ang Diyos na lahat ng kanyang sambahayan ay maliligtas, pero ang kanyang alipin ay dinala pati ang ilan niyang mga kaibigan. Naghihintay silang lahat nang dumating si Pedro, at *"nakita ni Pedro na maraming tao roon"* (Gawa 10:27). Pinarangalan ng Diyos ang pananampalataya ng lalaking iyon sa pamamagitan ng pagbubuhos ng Kanyang Espiritu *"bumaba ang Espiritu Santo sa mga nakikinig ng salita,"* at lahat sila ay nanampalataya at nangabautismuhan (Gawa 10:44-48).

Kung mayroong katuwaan sa langit dahil sa isang kaluluwa na nagsisi, gaano pa kaya sa buong sambahayan na maligtas! Nais ng Diyos na iligtas ang buong mga sambahayan. Kalooban Niya na mayroong kumpleto, buong mga pamilya sa kalangitan. At kumikilos Siyang patuloy sa prinsipyong ito—sa bawat isa na mananampalataya sa Kanya para dito. (Tingnan ang Lucas 15:3-10).

Tandaan natin na Diyos ang lumikha ng mga pamilya. Hindi natin mapipili ang pamilyang kinabibilangan natin, at nais ng Diyos na lumikha ng mga pamilya kung saan ligtas ang lahat. Hindi Siya papayag na mayroong mapahamak (2 Pedro 3:9). Mas lalong nais ng Diyos kaysa sa atin na iligtas ang mga pamilya. Bawat tao o bawat pamilya na naliligtas ay dagdag sa maluwalhating pamilya ng Diyos, at ito ay nagdadala sa Kanya ng kagalakan at kaluwalhatian. Si Cornelio ay magiging magandang tagapagpatotoo para sa Panginoon sa pagsasabi ng kahandaan ng Diyos na iligtas ang buong sambahayan, at malalapit na mga kaibigan.

**Lydia**

Si Lydia ay isang mahusay, matagumpay na negosyante na mayroong bahay at malawak na kakayanan para sa maraming kaibigan. Nakinig siya sa pangangaral ni Pablo, at binuksan ng Panginoon ang kanyang puso, at tinanggap niya si Kristo at *"nabautismuhan"* (Gawa 16:15). Si Estefanas at ang kanyang sambahayan ay nangaligtas din (1 Cor. 1:16).

**Bantay-Bilangguan sa Filipos**

Ang kwento ng bantay-bilangguan sa Filipos ay pinakamagandang tala ng kagustuhan ng Diyos na iligtas ang mga sambahayan. Sina Pablo at Silas ay nanalangin at umawit ng papuri sa Diyos isang hatinggabi sa bilangguang iyon, at ang Diyos ay nagpadala ng isang lindol. Ang bantay-bilangguan ay nakumbinsi sa kanyang pangangailangan ng kaligtasan at sinambit niya, *"Mga ginoo, ano po ang dapat kong gawin upang ako'y maligtas?" Sumagot sila, sumampalataya ka sa Panginoong Jesus, at maliligtas ka—ikaw at ang iyong sambahayan"* (Gawa 16:30-31).

Alam natin na ang mahalagang pangakong ito, sa kabuuuan, ay para din sa kahit sino gaya ng bantay-bilangguang iyon. Ito ang paraang nais ng Diyos na maligtas ang mga kaluluwa—"ikaw at ang iyong sambahayan."

Agad-agad naniwala ang bantay-bilangguan sa pangako para sa kanyang sambahayan pati na sa kanyang sarili, at sa hatinggabi ay dinala niya sina Pablo at Silas sa kanilang tahanan, *"at ang salita ng Panginoon ay ipinahayag nila sa kanya at sa lahat ng nasa kanyang bahay."* (Gawa 16:32); ang resulta ay nanampalataya sila, at nangabautismuhan, *"Galak na galak siya at ang kanyang buong sambahayan, sapagkat sila'y natutong sumampalataya sa Diyos"* (t. 34).

Kay sayang tanawin, isang nananampalataya, nagkakatuwaan, naligtas na sambahayan! Paano ito nangyari? Sa pamamagitan ng isang simple, makasalanang lalaki na nanampalataya sa pangako ng Diyos, na libre para sa bawat taong kagaya niya. Pinaparangalan ng Diyos ang kanyang salita at pinaparangalan Niya ang mga tao na tatanggapin Siya at ang Kanyang sinabi.

**Zaqueo**

Ang tahanan ng isang tao ay bahagi ng kanyang sarili, at hindi nagbabago ang kalooban ng Diyos na maligtas ang bawat isang sasampalataya, at ito ang hindi nagbabagong kalooban ng Diyos, ang iligtas ang bawat mananampalataya at ang kanyang buong sambahayan, kung siya ay magtitiwalang gagawin ito ng Diyos. Siyempre, kailangang hangarin ng isang mananampalataya ang lumakad na may katapatan sa lahat ng bagay kasama ng Diyos bago siya magkaroon ng karapatan sa pangako. Sinabi ni Jesus kay Zaqueo, *"Ang kaligtasa'y dumating ngayon sa sambahayang ito"* (Lucas 19:9).

**Personal na mga Patotoo**

Nais ng Diyos na ang mga tahanan natin ay maging mga modelo ng Kanyang tahanan, at kung papasok tayo sa mga layunin ng Diyos at hangaring pamahalaan ang ating tahanan gaya ng Kanyang pamamahala, ang ating buong tahanan ay maliligtas. Ipinangaral ko ang mahalagang katotohanang ito sa India, at ang Diyos ay tapat. Halos 90% ng mga nanampalataya ay nakukuha sa prinsipyong ito.

Ang pinakamalaking hadlang na kahaharapin ng isang Hindu sa kanyang pagtanggap kay Kristo ay ang pagtakwil sa kanyang ng kanyang pamilya at palayasin siya; ngunit kapag ipinakita namin sa kanya na ang pangako ng Diyos ay nakasulat at kung siya ay mananampalataya, siya at ang kanyang sambahayan ay maliligtas, pagkatapos nito siya ay magkakalakas ng loob.

Isang pulis ay naligtas sa India; siya ay lasenggero, humihitit ng opyo, at gumagawa ng iba pang kasalanan. Sinabi ko sa kanya ang kwento ng bantay-bilanggo ng Filipos. Nagkaroon siya ng inspirasyon at nagkaroon ng pananampalataya na hangarin ang kaligtasan ng kanyang mga kamag-anak. Dinalaw niya sila; kinausap, ipinanalangin at hinimok na lumapit kay Kristo; siya ay inusig, pero nagpatuloy at nang umalis na ako ng India, dalawampu sa kanyang mga kamag-anak na walang Diyos ay naligtas na at nabautismuhan.

Ilang taon na ang nakalilipas ay nakatagpo ko ang isang kusinero, at siya ay naging kasama namin sa bahay, at nakasama namin siya sa panalangin ng pamilya. Siya ay naligtas, at mula noon higit sa tatlumpu niyang kamag-anak ay nangaligtas din, at ilan sa kanila ngayon ay mga mangangaral ng ebanghelyo. Marami pa akong masasabing mga pangyayari, dahil laging tinutupad ng Diyos ang Kanyang mga pangako.

Isang Kristiyanong babae ang minsang nagsabi sa akin na sobra ang lungkot niya dahil sa paglalasing ng kanyang anak, pagbabarkada, at nakulong pa ito. Sinabi ko sa kanya ang layunin ng Diyos at mga pangako patungkol sa "sambahayan," mula sa panahon ni Noe. Ang sabi ng babae, "Mula nang ipanganak ang lalaking iyan 26 na taon na ang nakalilipas, ipinanalangin ko na ang kaligtasan niya araw-araw."

Itinuro ko sa kanya na nanampalataya na siya sa Diyos sa unang bahagi ng pangako sa bantay-bilanggo ng Filipos maraming taon na ang nakalilipas, at iniligtas siya ng Diyos. Tinanong ko siya kung ang Diyos ay hindi na gayong kasintapat para tuparin ang huling bahagi ng pangakong iyon kung mananampalataya tayo na gagawin Niya iyon.

Sumagot siya, "siyempre, gagawin Niya at aangkinin ko at tatanggapin ko ang kaligtasan ng aking anak ngayon." Habang nakaluhod ay ginawa namin iyon, at nakatanggap ako ng sulat mula sa babaeng iyon apat na buwan na ngayon ang nakalilipas na nagsasabing, "Ang anak ko ay nagbalik na sa akin, ligtas, at may kagalakan ng puso ko."

*Muling inilathala mula sa lumang isyu ng Pahayag ng Kanyang Pagdating*

Isinaayos mula sa aklat na *The Life of*

# David Brainerd - Misyonero sa mga American Indians (Part 1)

*David Brainerd (1718-1747)*, halaw mula sa kanyang diary, inedit ni Jonathan Edwards

Sa kanyang ika-24 na kaarawan, sinulat ni David Brainerd, "Nais kong mabuhay para sa Diyos, at buong buo na maging laan sa Kanya. Gusto kong ubusin ang buhay ko para sa paglilingkod sa Kanya at para sa kaluwalhatian Niya." Taong 1742, nag-aral siya kasama ng isang pastor para sa paghahanda sa gawaing pagmimisyon. Napagtanto niya ang sarili niyang mga kakulangan para maglingkod sa katanggap-tanggap na Panginoon. Naglaan siya ng oras araw-araw para sa lihim na pananalangin at ilang buong mga araw ay inilaan para sa pag-aayuno at pananalangin, upang igawad ng Panginoon ang biyayang kinakailangan para Siya ay paglingkuran. Maraming mga oras din ay inilaan para sa intersesyon para sa mga kaluluwa at para sa pagpapalaganap ng kaharian ni Kristo sa buong mundo.

Noong tagsibol nang taong 1743 natanggap ni Brainerd ang kanyang asignatura mula sa isang Scottish Missionary Society upang maglingkod sa mga Indiano na naninirahan sa hilagang-kanluran ng sarili niyang bayan na kinalaunan ay naging Estados Unidos ng Amerika. Naglakbay si Brainerd sa pamamagitan ng kabayo patungo sa ilang kung saan naninirahan ang mga Indian. Sinikap niyang lubos na isuko sa Diyos ang anumang mga hirap at sakit na makakaharap niya. Ang paraan ng pamumuhay ay malayo sa kabihasnan. May panahon na nakitira siya sa bahay ng isang dayuhan doon kung saan ang higaan ay maliit na bunton ng dayami sa imbakan ng mga kagamitan na walang sahig. Pagkatapos ay tumira siya sa isang *wigwam* habang ang sarili niyang kubo kasama ng mga Indian ay itinatayo. Gaano man kaaba ang kubong iyon, nagpasalamat siya bilang isang lugar kung saan sarilinan siyang makakapagniig sa Panginoon.

Ang Panginoon ang kanyang dakilang mang-aaliw sa mapanglaw na ilang. Sa pamamagitan lamang ng kanyang tagasalin kaya nagagawa niyang makipag-usap sa Ingles. Kung minsan ay nasasabik siya sa pagtitipon ng mga Kristiyano, makasama ang isang tao na masasabi niya ang kanyang mga kalungkutan at panghihina ng loob na naranasan niya sa mga unang buwan kasama ang mga Indian.

Ang kanyang talaarawan ay puno ng mga tala tungkol sa kanyang mga panalangin. Namanhik siya sa panalangin at sinulat, "magpatuloy sa kabanalan, upang ako ay maging lubos na ayon sa Diyos...nauhaw ako para sa kabanalan, kababaan." Nahirapan siya sa pagpapatuloy na manalangin para sa kanyang sarili at para sa mga tao na kanyang miniministeryuhan.

**Maalab na Puso para sa Kahariaan ni Kristo at Kaluwalhatian ng Diyos**

"Ibinuhos ko ang aking kaluluwa para sa buong mundo, mga kaibigan at mga kaaway," sinulat niya. "Nag-aalala ang kaluluwa ko, hindi lang sa basta mga kaluluwa, kundi para sa kaharian ni Kristo, upang ito ay makita ng sanlibutan, upang ang Diyos ay makilala bilang Diyos, sa buong mundo."

Natulungan siya ng halimbawa sa pananalangin ni Elias. "Naantig ang aking puso sa pagmasid sa pananampalataya, sigasig, at kapangyarihan ng banal na lalaking iyon," itinala niya sa kanyang talaarawan, "kung paanong nakipagbuno siya sa pananalangin sa Diyos, atbp." Tumangis ang aking kaluluwa gaya ni Eliseo, *"Nasaan si Yahweh, ang Diyos ni Elias?"* (2 Hari 2:14). Matinding hangad ko ang malaki pang pananampalataya. Hangad ng puso ko ang Diyos, at namanhik ako sa Kanya para sa dalawang bahagi ng gayong Espiritu na ibinigay kay Elias. *"Sumasakanya ang espiritu ni Elias"* (2 Hari 2:15). Nakita ko na ang Diyos ay hindi pa rin nagbabago tulad noong panahon ni Eliseo!

"Nakayanan kong makipagbuno sa Diyos sa panalangin, sa isang mas malapit, mataimtim, mababa, maapoy, at nagpapatuloy na paraan kaysa sa nagdaang mga buwan. Parang walang mahirap para sa Diyos na gawin; walang mahirap para aking asahan mula sa Kanya. Sa loob ng maraming buwan ay halos mawalan na ako ng pag-asa para maging instrumento sa ispesyal na paglilingkod sa mundo para sa Diyos; mukhang parang imposible na ang isang napakasama ay magamit para sa Diyos. Ngunit sa pagkakataong ito ay nalugod ang Diyos na panumbalikin ang pag-asang ito."

Sa ilang mga pagkakataon ay itinala niya patungkol sa buhay panalangin niya: "Gustong-gusto kong mapag-isa sa aking munting kubo kung saan magugugol ko ang mahabang oras sa pananalangin... Nawa ang Sion ay maging *"galak ang dulot sa lahat ng bansa nitong sansinukob!"* (Awit 48:2)... Ang aking kaluluwa ay para lang sa Diyos at para sa Kanyang Sion; nagtitiwala sa banal na kapangyarihan at biyaya, na gumawa Siya ng maluwalhating mga bagay sa Kanyang iglesia dito sa lupa, para sa Kanyang sariling kaluwalhatian... Ang aking kaluluwa ay mainit sa panalangin, napakalakas sa pananalangin para sa aking sarili, para sa mga kaibigan, at para sa iglesia ng Diyos; at nakadama ng mas higit kaysa nakalipas na mga buwan. Pagpalain ang Diyos para sa panahong ito ng pag-aayuno at pananalangin! Nawa ang Kanyang kabutihan ay palaging mananahan sa akin, at ilapit ang aking kaluluwa sa Kanya!"

Madalas siyang nakadama ng panghihina ng katawan at mayroon nang sintomas ng tuberculosis. Kung minsan ay nagkulang siya sa masustustanyang pagkain. Kinailangan niyang mag-utos sa tao mga sampu o labinlimang milya ang layo para makabili ng tinapay at kung minsan ay may amag na at panis na bago niya makain. Nakakakuha siya ng mga pagkaing Indian at nagluto ng mga piniritong keyk. "Sa kabila ng lahat ay kuntento ako sa aking kalagayan, at nakasuko sa Diyos." "Pinapurihan ko ang Diyos sa aking kasalukuyang kalagayan na para bang ako'y isang hari."

Naglakbay siya ng maraming milya sa gitna ng kagubatan sa paghahanap ng mga Indian na mamiministeryuhan. Nagalak siya sa pag-iingat ng Diyos sa kanya sa mga paglalakbay na ito: "Madalas akong nakalantad sa lamig at gutom sa kagubatan, kung saan ang mga kaginhawahan sa buhay ay wala, madalas na naliligaw, at kung minsan ay magdamagang nakasakay, at minsan ay natulog sa gubat magdamag, ngunit purihin ang Diyos, iniingatan Niya ako." (Itutuloy)

Sa panahong ito inaalala natin ang pagpasan ng krus ng ating Panginoong Jesu-Kristo at pagkamatay para sa sangkatauhan. Tanging Siya lamang

# Kristo... ang lahat at sumasalahat

*ni Lois J. Stucky*

bilang walang kasalanang Anak ng Diyos ang karapat-dapat na maging perpektong sakripisyo para sa kasalanan ng sanlibutan, ang sakripisyo na lubusang mababayaran ang mga kasalanan at mabibigyan-lugod ang isang banal na Diyos. Nag-iisa Niyang pinasan ang ginawang pagtakwil ni Judas, pagtakwil ni Pedro, hatulan ng punong saserdote at mga matatanda at pagkatapos ni Pilato, kinutya at pinahirapan ng mga malulupit na kawal, ipinako sa krus ng mga walang pusong lalaki sa pagitan ng dalawang magnanakaw, pinabayaan mismo ng Diyos--habang Siya na walang kasalanan ay naging kasalanan para sa atin! (2 Cor. 5:21). Nag-iisa, binata niya ang krus hanggang isigaw Niya, *"Naganap na!"* at inialay ang Kanyang buhay (Juan 19:30). *"Mahal na Kordero ng Kaluwalhatian!"* Marapat lamang na tayo ay magpatirapa sa Kanyang paanan na may lubos na pagpapasalamat at pagsisisi.

At maipapamuhay natin ang nalalabi pang buhay natin para sa Kanya! O sa mas magandang pananalita, maiaalay natin ang ating mga buhay sa Kanya upang maipamuhay ang Kanyang buhay sa atin. Mayroon pa bang hihigit na kaligtasan na maibibigay para sa atin kaysa dito?--ang magkaroon ng buhay ni Kristo sa ating buhay? Pag-ukulan ng panahon ang artikulo ni Andrew Murray sa isyung ito--"Si Kristong Nabubuhay sa Akin (Christ Living in Me)"--dahil inilalatag nito ang kalakasan at kagandahan ng buhay. Basahin hanggang sa hulihan ng artikulo, kung saan sinasabi din ang halaga ng ganap na pagsuko sa kalooban ng Diyos, na maaaring magdala ng pagdurusa. Isipin nang seryoso, habang ipinamamanhik ni Andrew Murray, "Handa ko bang ibigay kay Kristo ang anumang nasasaakin?"

Dahil sa kaligtasang bigay sa pamamagitan ng kamatayan ni Kristo, tayo ay *"mga bagong nilalang."* Itinatagubilin sa atin ni Apostol Pablo sa Colosas 3 na *"talikdan ang bagong pagkatao"* dahil tayo ngayon ay mga bago ng nilalang. Kay laking pagpupuri ng iglesia ngayon kung tunay na ang bawat miyembro ay ipamumuhay ang bagong pagkatao gaya ng tagubilin ni Apostol Pablo, at mahayag ang larawan ni Kristo." Di ba't ang Iglesia ay magiging *"maluwalhating iglesia... banal...walang kapintasan"* na inaasam ni Kristong tanggapin sa Kanyang sarili? (Efe. 5:27). Makikita Niya sa pagiging ganap ang iglesia na sanhi kung bakit Siya ay namatay.

Sa maikling artikulo ni F.J. Huegel sa isyung ito ay binibigyan diin na tanging sa buhay ni Kristo lamang magagawa nating magkaroon ng tagumpay na kinakailangan natin upang madaig ang kaaway na si satanas. Ito ay tagumpay na mayroon tayong responsibilidad na ilapat at angkinin. Mga kaibigan, nabubuhay tayo sa 'mapanganib na kapanahunan' kapag si satanas at kanyang mga demonyo ay nakikipagtunggali sa mga anak ng Diyos sa mas matinding mga paraan. Kailangan natin ang buong baluti ng Diyos at kinakailangan ang buong kalakasan ni Kristo sa ating loob upang *"makatagal sa pakikipaglaban"* (Efe. 6:13). Si Kristo ang ating buhay, ating kaligtasan, at ating tagumpay. *"Kay Kristo, walang pagkakaiba ang lahat at siya'y sumasalahat"* (Col. 3:11).

Ang Apostol Pablo ay ipinamanhik din sa mga taga Colosas, *"Ang mga salita ni Kristo ay itanim ninyong mabuti sa inyong isip. Magpaalalahanan kayo at magturuan nang buong kaalaman. Umawit kayo ng mga salmo, mga imno, at mga awiting espirituwal, na may pagpapasalamat sa Diyos."* (3:16). Sinasabi din sa atin ni Pablo na si Kristo *"gaya ng pag-ibig ni Kristo sa iglesia. Inihandog niya ang kanyang buhay para rito, upang ang iglesya'y italaga sa Diyos matapos linisin sa pamamagitan ng tubig at ng salita. Ginawa niya ito upang maiharap sa kanyang sarili ang iglesia, marilag, banal, walang batik at walang anumang dungis o kulubot"* na siyang pagnanasa sa puso ni Kristo (Efe. 5:25-27).

At ang pinagpalang Salitang ito ng Buhay, ang ipinangako ng Diyos sa Kanyang bayan para ipamahagi. Sa Pahayag ng Kanyang Pagdating, kami ay nagpapasalamat sa Diyos na binigyan Niya tayo ng pribilehiyo, kasama ang ating mga mambabasa, upang makibahagi sa mahalagang ministeryo ng pagpapadala ng mahalagang Salita ng Diyos, napakahalaga habang pinapatatag ni Kristo ang Kanyang iglesia sa buong mundo.

Mangyaring makiisa sa amin sa pananalangin upang lahat ng nakatatanggap ng Pahayag ng Kanyang Pagdating ay marinig ang pangungusap ng Diyos sa pamamagitan ng mga mensahe, at tatanggapin ang Kanyang Salita sa kanilang mga puso, hahayaan ang Mabuting Balita na manahan at gumawa sa kanila. Idalangin na ang mambabasa ay maging tagatupad at hindi lamang tagapakinig ng banal na Salita ng Diyos. Hingin sa Diyos na gabayan ang iba pang uhaw na mga kaluluwa na matuklasan din ang ministeryo ng Pahayag. Hayaan ang Diyos at ang Kanyang Kristo ay maitaas sa buong sanlibutan. *"...sumakanya ang kapurihan sa pamamagitan ng iglesia at ni Kristo Jesus magpakailanman! Amen* (Efe. 3:21).

PAUNAWA

KUNG MAGPAPADALA PO KAYO NG KALOOB UKOL DITO SA GAWAIN NG PANGINOON, MANGYARI PO LAMANG NA ISULAT SA TSEKE O MONEY ORDER SA PANGALAN NG TAGALOG HERALD INT'L

TAGALOG HERALD INT'L
C/O ZENAIDA A. SARMIENTO
46 DAO ST. SAINT ANTHONY SUBV.
TAYTAY, RIZAL 1920
MARAMING SALAMAT PO

Republic of the Philippines
PHILIPPINE POSTAL CORPORATION
National Capital Region
Limay Boulevard
1880 Manila

SWORN STATEMENT

ADDRESS